# Ang Ikapitong Tatak

Jeffersonville, Indiana, USA
Marso 24,1963

1 Salamat, kapatid. Habang tayo'y nakatayo, manalangin tayo. Diyos na Makapangyarihan sa Lahat, May akda ng Buhay at Tagapagbigay ng lahat ng mabubuting kaloob, tunay kaming nagpapasalamat ngayon dahil sa kamangha-mangha at napakahalagang panahong ito ng pagsasama-sama sa Iyong Presensya. Minamarkahan nito ang isang napakahalagang yugto ng aming buhay, Panginoon, isang pagkakataon na hindi namin kailanman malilimutan gaano man katagal kami manatili. 2 At idinadalangin namin, Diyos, na sa gabing ito ng pagtatapos… Pinapansin namin ang Kasulatan tungkol sa huling araw ng kapistahan, nang tumayo si Jesus sa kanilang kalagitnaan at sumigaw, "Kung nauuhaw ang sinuman, lumapit siya sa Akin,"… At idinadalangin ko, makalangit na Ama, na iyon ay muling maulit ngayong gabi na marinig namin ang Tinig ng aming Panginoon na nananawagan sa amin, namamanhik na maglingkod kami sa Kaniya, na magkaroon kami ng mas malapit na lakad. Sa pakiramdam nami'y narinig na namin ang Kaniyang tinig sa pagbubukas ng mga Tatak na ito, na nagsasabing ito na ang huling araw, at nalalapit na ang panahon. Ipagkaloob Mo po ang mga pagpapalang ito na aming hinihiling, Ama, sa Ngalan ni Jesus Cristo at para sa Kaniyang kaluwalhatian. Amen. Magsiupo na kayo.

2 Nais kong idagdag na sa lahat ng mga gawain na idinaos ko sa buhay ko, naniniwala ako na ang linggong ito ang pinakamaluwalhating pagkakataon sa buong buhay ko na ginugol sa paglilingkod. Anuman ang taglay ko… Oo nga't nakakita ako ng mga dakilang himalang naganap dati sa mga gawain ng pagpapagaling, ngunit ito ay higit kaysa ro'n. Isa sa mga dakilang sandali at napakahalagang yugto ng buhay ko ang maparito; at ang makita ang pagbabago ng anyo ng munting Tabernakulong ito. Hindi lang iyon, kundi ang loob ay nagbago rin ng anyo… 4 At ngayon, tinatanong ko si Billy… Natagalan siya nang husto sa pagdating upang sunduin ako. Ang sabi niya may isa pang grupo na nabautismuhan ngayong linggo (at tumatakbo na nang higit sa sandaan) ang mga taong nababautismuhan sa Ngalan ng ating Panginoong Jesus Cristo; kaya't nagpapasalamat tayo, at pagpalain kayo ng Diyos. 5 At ngayon, kung wala kayong pinagsisimbahan, inaanyayahan namin kayong dumalo at maki-fellowship sa amin. Alalahanin n'yo lang na ang simbahang ito ay bukas. Hindi kami isang denominasyon, at umaasa ako at nagtitiwalang hindi kailanman magiging isang denominasyon, kundi isa lamang fellowship kung saan ang mga kalalakihan at kababaihan at mga

kabataang lalaki't babae ay nagkikita-kita sa paligid ng hapag ng Diyos, at nagsasama-sama sa paligid ng Salita at magkakaisa kami sa lahat ng bagay.

3 Ngayon, mayroon kaming isang kahanga-hangang pastor, isang tunay na tao ng Diyos; at lubos akong nagpapasalamat dahil diyan. 7 At kung maaalala n'yo ang isang pangitain may isang taon na ang nakalilipas, na nag-imbak daw ng pagkain sa dakong ito; at tamang-tama 'yon. At mayroon na tayong lugar ngayon na sapat para sa mga Sunday school class para sa lahat ng edad, at sadyang nagpapasalamat tayo nang husto sa pagkakataong ito. 8 Mayroong nagsabi minsan, kung magkakaroon lang daw sana sila ng mga Sunday school class na mapagpapadaluhan sa kanilang mga anak. Mayroon na ngayon, kaya't pumarito na lang kayo at samahan n'yo kami kung wala kayong pinagsisimbahan. Siyempre, kung mayroon kayong mainam na simbahang pinupuntahan, na nangangaral ng Ebanghelyo, at iba pa, aba'y, kalupon din natin iyon (Nauunawaan n'yo?) sa ibang lugar; ngunit kung wala kayong pinagsisimbahan at kayo'y…

4 Sa pagkaunawa ko'y may ilang lumipat mula sa ibang bahagi ng bansa upang gawin nila itong pirmihang masisimbahan, at tunay ngang malugod namin kayong tinatanggap dito sa Salita ng Panginoon. 10 At naaalala ko… Wari ko, nang umalis ako ay sinabi ko sa inyo na ang mga gawain, sa ganang akin, ay gaganapin dito sa Tabernakulo. Hindi ko pa alam kung ano pang inilaan ng Panginoon para sa akin sa hinaharap. Ipinagtitiwala ko iyon sa Kaniyang kamay (hindi ito isang pamahiin o anuman); sadyang naghihintay ako araw-araw na pangunahan Niya ako sa lugar kung saan higit akong makapaglilingkod sa Kaniya. At kapag tapos na Siya sa akin, magtitiwala akong tatanggapin Niya ako nang mapayapa.

5 At ngayon, lubos akong nagpapasalamat sa pakikipagtulungan ng mga taga-Tabernakulo. Tulad ng sinasabi sa akin ni Billy ngayong linggo, na wari ko'y bawat kasaping tahanang nasa palibot ng Tabernakulo ay may pinatuloy. 12 Binuksan nila ang kanilang mga tahanan at lugar at pinatuloy ang mga taong walang matuluyan. Ngayon, iyon ay tunay na gawang Cristiano. Kita n'yo? At sadyang isiniksik ng ilan sa mga tahanan ang bawat tao sa bawat sulok na makita nila upang may mapatuluyan sa kanila, sapagkat naging napakahirap ng panahong ito gawa ng isang paligsahang nagaganap (basketball yata o kung ano) at maraming nagpareserba, dagdag mo pa ang malaking grupo mula sa…

Sa wari ko may mga dalawampu't walo o tatlumpung kinakatawang estado na sa munting iglesiang ito, maliban pa sa ibang mga bansa, kaya't iyon pa lang ay malaking espasyo na ang inuukupa. 14 At alam… At nagtatanong-tanong ako sa mga tao ngayong araw; ang sabi ko, "Sa pagkaunawa ko wala gaanong taga Jeffersonville na nasa pagtitipon."

6 At ngayon, lubos akong nagpapasalamat sa pakikipagtulungan ng mga taga-Tabernakulo. Tulad ng sinasabi sa akin ni Billy ngayong linggo, na wari ko'y bawat kasaping tahanang nasa palibot ng

Tabernakulo ay may pinatuloy. 12 Binuksan nila ang kanilang mga tahanan at lugar at pinatuloy ang mga taong walang matuluyan. Ngayon, iyon ay tunay na gawang Cristiano. Kita n'yo? At sadyang isiniksik ng ilan sa mga tahanan ang bawat tao sa bawat sulok na makita nila upang may mapatuluyan sa kanila, sapagkat naging napakahirap ng panahong ito gawa ng isang paligsahang nagaganap (basketball yata o kung ano) at maraming nagpareserba, dagdag mo pa ang malaking grupo mula sa…

Sa wari ko may mga dalawampu't walo o tatlumpung kinakatawang estado na sa munting iglesiang ito, maliban pa sa ibang mga bansa, kaya't iyon pa lang ay malaking espasyo na ang inuukupa. 14 At alam… At nagtatanong-tanong ako sa mga tao ngayong araw; ang sabi ko, "Sa pagkaunawa ko wala gaanong taga Jeffersonville na nasa pagtitipon."

7 Ngayon, sinasabi ko ito… Binalikan ko ang mga dati kong tala na aking ginamit sa pangangaral maraming taon na ang nakararaan, katatanggaptanggap ko pa lang no'n at sinasabi ko lang kung ano'ng sa pakiwari ko'y tama at sige lang ako nang sige. Malayong-malayo pala 'yon. At ngayon, lahat ng apat na Tatak na iyon ay inilagay ko sa isang sermon na mga dalampung minuto ang haba. Oh… Ang apat na mangangabayo ng Apocalipsis ay pinagsama-sama ko, at sabi ko, "May isang kabayong pumasok na kulay puti"; ang sabi ko, "marahil iyon ay ang unang kapanahunan. At ang sumunod na kabayo ay humayo sa tagutom," at nagpatuloy nang ganu'n. 18 Ngunit naku, nang mabuksan na talaga ang Salita, daang milya ang layo niyon. Kaya't marapat lang na magbantay tayo at maghintay. At marahil ngayon na ang itinakdang panahon upang gawin ito. Marahil ay maraming bagay na nabanggit ay di sinasang-ayunan ng ibang mga tao, ngunit naniniwala akong pagdating ng dakilang panahon ng wakas ay makikita na natin ang ating Panginoon, malalaman n'yong tama pala 'yon. Tunay nga.

8 Ngayon, kayong mga taga ibang lungsod, mula sa iba't ibang lugar, na dumarating mula sa iba't-ibang estado at bansa, pinahahalagahan ko nang husto ang inyong sinseridad na maglakbay ng ganung kalayo at magbakasyon,

at ang ilan ay wala pang matuluyan. Alam ko 'yon dahil natulungan ko ang ilan sa kanila na makakuha ng mga matutuluyan, ni wala ngang perang maipangkain, o anuman kaya… ngunit naparito pa rin sila, umaasang may mangyayaring makatutugon doon. At ganun na lang ang pananampalataya nila na kahit hindi sila kumain, at wala silang matuluyan, nais nilang dumalo upang marinig ang mga—ang mga ganung bagay ay nangyayari pa rin. Iyon ay tunay na magiting, alam n'yo. At ang bawat isa ay sadyang siyento porsyento ang pagsuporta. 20 Nagkita kami ng bayaw kong nariyan sa likuran na siyang naglatag ng mga tisa ng simbahan at iba pa; sinabi ko sa kaniya kung gaano ko pinahahalagahan ang kaniyang trabaho. Hindi ako mason ng tisa o wala akong alam tungkol do'n, ngunit alam ko kung ano ang kuwadradong kanto at kung tama ang pagkakagawa nito.

9 At ang sabi niya, "Sinasabi ko sa'yo," aniya, "bihirang-bihira ang ganung pagkakataon, na makakita ka ng gayong pagkakaisa sa kalagitnaan ng mga kalalakihan kapag sila'y nagtatrabaho." Sina Brother Wood, Brother Roberson, at ang bawat isa ay sadyang lumulugar sa kani-kanilang puwesto— ang lahat. 22 At ang kapatid na naglagay ng acoustic, ang ibig kong sabihin ay ang public address outfit at lahat na sa simbahan… Ang sabi nila, "Ang lahat ay gumana nang tama." Kapag kailangan nila ng isang bagay, may taong nakatayo ro'n upang iyon ay gawin. Kaya't, ito'y… Ang Diyos ay nasa buong programa. Nagpapasalamat tayo nang husto dahil dito. 23 Maraming nagbigay nang malaki sa iglesia upang maisagawa ito, tulad nina Brother Dauch at Sister Dauch na nakaupo rito, at marami pang ibang nagbigay nang husto sa layuning ito. At sa pakiwari ko sa kasalukuyan ay kaunti na lang ang kanilang kailangan at ang lahat ay nababayaran. Kaya't pinasasalamatan natin iyan nang husto.

10 At alalahanin n'yo, simbahan n'yo ito, sapagkat kayo ay lingkod ni Cristo, at iyan ang dahilan kaya itinayo ito rito, isang pintuang bukas upang makalikha ng mga lingkod, at upang mapuntahan ng mga dati nang lingkod ni Cristo at sila'y masiyahan sa kanilang pakikisama kay Jesus Cristo. At nais naming malaman n'yo na bukas ang aming pintuan sa bawat isa. 25 At ngayon, kapag narinig n'yo ako minsan habang nasa ilalim ng pagkapahid na medyo tumutuligsa sa organisasyon, hindi ang pastor n'yo ang aking kinakalaban o ang sinumang kapatiran sa iglesia, sapagkat ang Diyos naman ay may mga anak sa bawat organisasyon; ngunit hindi Niya tinatanggap ang organisasyon.

Tinatanggap Niya ang indibiduwal sa organisasyon. At hindi kailangan ang organisasyon; samakatuwid, kapag ang mga tao ay nakulong na nang husto sa organisasyon, wala na silang makitang iba liban sa sinasabi ng iglesia. Nauunawaan n'yo? Nagiging dahilan iyon ng di pakikisama sa iba, at iyon ay isang sistemang di kinalulugdan ng Diyos, isang makamundong bagay na di kailanman itinalaga ng Diyos.

11 Kaya't ngayon, di ako tumutukoy sa kaninumang indibiduwal, Catolico man, Judio, o anupaman, o—o Methodist, Baptist, Presbyterian, anumang organisasyon, at di man organisasyon, at mga non-denominational at lahat na, may mga anak ang Diyos na nakaupo ro'n. Kita n'yo? At kadalasan sa paniwala ko naroon sila dahil isang layunin: upang magliwanag, inilalabas ang mga itinalaga mula sa lahat ng dako. At sa dakilang araw na iyon, ang Iglesia ng Panginoong Jesus Cristo ay tatawagin sa dakilang

pagtitipon sa himpapawid, at tayo'y aakyat upang Siya'y salubungin, at inaabangan ko ang oras na iyon. 28 Ngayon, napakaraming maaaring masabi, at ngayong gabi sa pagtatapos natin sa huling gabing ito, tulad ng karaniwan, ang bawat isa'y… Sa isang healing service, nakikita kong dahil sa pag-aabang sa mga dakilang bagay na magaganap sa healing service, nagiging tensyonado ang mga tao, ninenerbiyos. At ganun din ang nakikita ko ngayong gabi, inaasahan kong makikita ng bawat isa kung papaanong… At naging gayon ang bawat gabi, sa pagbubukas ng mga Tatak.

12 Ngayon, nais ko itong linawin nang husto. Sa bawat pagkakataon, sa tuwing dadarating ang mga Tatak na ito sa dakong iyon, lahat ng pinaniwalaan ko at nabasa ko mula sa ibang mga tao tungkol sa mga ito ay nagiging salungat sa dumarating sa akin sa silid na iyon. 30 At ang isip ko, sa pagkakataong ito… Kaya idinaos ko ang healing service kaninang umaga, dahil nalalayo na nang husto ang aking makataong pag-iisip sa sarili kong pamamaraan ng pag-iisip. Sinikap kong manatili sa isang silid na ang mga kurtina ay nakaladlad, na may isang ilaw lang na nakasindi (Pang-walong araw na ito.) at ni hindi ako sumakay sa kotse ko upang magpunta saan mang lugar. 31 Kinailangan kong sumama sa ilang mga kapatid sa bangko upang pumirma sa ilang mga dokumento at ipang mga bagay tungkol sa pera at iba pa na nahiram para sa simbahang ito, ngunit bumalik ako kaagad upang mag-aral. 32 At ang kataka-taka ay walang isa mang taong nagsabi ng anumang bagay o… Karaniwan ay nagkakatukan sila at nagyayaya kung saan-saan. Hindi nagkaroon ng isa mang ganu'n. Naging napakakahanga-hanga nito.

13 Sa kinakainan ko, kina Brother Wood, karaniwan ang lugar na iyon ay punung-puno ng mga sasakyan, at mayroong walo o sampung mga taong nakikituloy sa kanila sa ganitong panahon, ngunit walang isa man sa kanila ang dumating. 34 At kaninang umaga, hindi ko ito makakalimutan; ang biyaya ng Tagapagligtas sa Kaniyang pagod at napapagal na lingkod. Nang sagutin ko ang katanungan ng isang pobreng tao sa abot ng aking nalalaman, inakala kong tama ang ginawa ko, nang bigla na lang parang nang-agaw ako ng isang bagay sa isang bata, labis akong nabagabag nang di ko nalalaman kung ano'ng dahilan. At naisip ko, "Marahil dahil sa nagmamadali akong makarating na sa healing service, may isang taong may napakalalang karamdaman na kinakailangang maipanalangin na noon din…" at nagtanong ako sa mga nakikinig. Makaraan ang ilang sandali, iyon ay nahayag. May nagsabi, "Maaari bang basahim mo ulit ang iyong teksto," o parang ganun, at sa pagkakataong iyon ay dinampot ko ang isang pirasong papel at binasa ko ulit upang makita kung ano'ng sinasabi niyon at tumingin ako sa Aklat, ibang-iba ang katanungan na sinasagot ko. Kita n'yo?

14 Hayaan n'yo lang na ipasa ko ito sa inyo. Kapag pumasok ang supernatural, kaisipan iyon ni Cristo. Nalalayo ka nang husto sa iyong sariling pag-iisip hanggang sa ang sarili mong kaisipan ay… Ako'y… Ito'y… kayo'y… Ako'y… Huwag n'yong ipapaliwanag iyan sa akin dahil hindi ko kaya. Kita n'yo? Hindi ko iyon magagawa. Walang makagagawa niyon. Paanong nagawa ng lalaking iyon na si Elias na tumayo sa bundok sa ilalim ng Presensya ng Diyos, at magpababa ng apoy mula sa langit, at pagkatapos na pagkatapos ng apoy ay ulan naman, at matapos iyon ay isara naman ang kalangitan upang di umulan sa loob ng tatlong taon at anim na buwan, at pagdaka'y bumalik at tumawag ng ulan sa araw ding iyon? At sa ilalim ng pagkapahid na iyon, paanong… at kumuha ng apat na raang saserdote at pinagpapatay ang mga iyon, pagkatapos ay tumakbo siya sa ilang na nagmamakaawa para sa kaniyang buhay dahil sa banta ng isang babae. Kita n'yo? Isinumpa ni Jezebel na siya'y patayin. Samantalang nasaksihan ni Achab at ng lahat ng iba pa sa kanila ang Presensya ng Diyos at ang naisagawang dakilang himala.

15 Kita n'yo, ang kaniyang… Iniwan na siya ng Espiritu. Sa kaniyang natural na paraan ng pag-iisip, hindi niya alam kung papaanong mag-isip. Kita n'yo? Hindi siya makapag-isip para sa kaniyang sarili. 37 At alalahanin n'yo, pinatulog siya ng Anghel at pinagpahinga, at ginising siya, at binigyan muli ng tinapay; at hindi natin alam kung ano'ng

nangyari sa lalaking iyon sa loob ng apatnapung araw. Doon ay pinagkubli siya sa isang yungib pagkatapos ay tinawag siya ng Diyos.

16 Huwag n'yong subukang ipaliwanag ang isang supernatural; hindi n'yo ito kayang gawin. Kita n'yo? Ang tanging dapat n'yong gawin ay ang magpatuloy lang kayo. At sisikapin kong linawin ang aking sarili sa abot ng aking makakaya; ngunit magmula ngayon ay hindi ko na ito susubukin pang muli. Kita n'yo? Sadyang talagang pinaniniwalaan mo ito o kaya ay hindi, at ngayon, makikita n'yo maya-maya kung bakit. Ngayon, sinikap kong maging tapat. Alam iyon ng Diyos. At ang katanungang iyon kaninang umaga; sinikap kong sagutin iyon nang buong katapatan sa abot ng nalalaman ko. Ang unang bahagi lang ng talata ang binasa ko, at namali sana iyon, ngunit naunawaan ng Espiritu Santo na ako'y… Ang aking isipan… Kita n'yo, tignan n'yo kung ano'ng nangyayari nung nakaraang dalawa o tatlong araw. Kita n'yo, ang sabi ko'y pitong daan—pitong libo, pitong daan, kaninang umaga; sinisikap kong… At nakuha iyon ng mga tao (Kita n'yo?), at nagpapakita iyon na kayo ay nagbabantay.

17 Ngayon, ang isa pa ay noong ang gusto kong sabihin ay "ang kalapati," at ang sabi ko'y "ang kordero"; ngunit nahuli ko iyon kaagad. At pagkatapos dito sa isang ito, hindi ko napansin, kaya't binuweltahan ako ng Espiritu Santo at tinawag Niya do'n ang aking pansin. Dobleng kumpirmasyon iyon na ang mga bagay na ito ay tama. 40 Nagbabantay ang Diyos upang tiyaking ito ay tama. Tama. Nais

niyang… Nasi Niyang malaman n'yo na ito'y Katotohanan. 41 Siya ang nagpapahatid nito, sapagkat tunay na hindi ito… Iyon ay sadyang sa ikatututo ko kung paanong ganu'n din sa inyo. 42 Kaya nga tayo ay… Nagpapasalamat ako nang lubos na malaman ngayon mula sa Panginoon kung ano na ang oras na kinabubuhayan natin (Kita n'yo?), na nabubuhay tayo sa huling panahon bago ang pag-alis ng Iglesia. Ngayon, tayo'y nag-uusap lamang, kaya't hilingin lang nga natin muli ang Kanyang basbas sa Salita.

18 Makalangit naming Ama, heto na ang dakilang gabing iyon, ang dakilang oras kung kailan ay may isang dakilang bagay na naganap. Iyon ay nagaganap sa paligid ng mga tao. At, Ama, idinadalangin ko sa gabing ito na iyon ay mahayag nang walang anino ng pagdududa sa puso at isip ng mga tao upang malaman nilang ang Diyos ay nakaluklok pa rin sa trono, at mahal pa rin Niya ang Kaniyang bayan, at ang oras na inasam na makita ng mundo ay nalalapit na, sapagkat ito'y humihibik na para sa katubusan.

Nakikita namin na handa na ang mga elemento upang ito ay maipanumbalik. Nakikita naming handa na ang mga elemento upang ihatid ang Iglesia sa Presensya ni Cristo. Nakikita naming naaanyuan na ang Nobya, nagbibihis na ng damit pangkasal, naghahanda na. Nakikita naming nagbababala na ang mga ilaw. Alam naming nasa wakas na kami. 45 Ngayon, makalangit na Ama, sa pagpapatuloy ngayon ng pangangaral o pagtuturo ng tungkol sa dakilang kaganapang ito na nangyari sa kaluwalhatian mga dalawang libong taon na ang nakararaan, at ibinigay sa dakila't minamahal na apostol na si Juan, at sa gabing ito sa pangungusap namin tungkol do'n, hayaan Mo pong lumapit na ang Espiritu Santo sa Kaniyang dakilang kapangyarihan ng pagpapahayag, upang maipahayag Niya sa amin ang bagay na nais Niyang malaman namin, tulad ng ginagawa Niya nitong huling ilang gabi. Ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili sa Iyo kalakip ng Salita, sa Ngalan ni Jesus. Amen.

19 Ngayon, habang kayo'y—marahil ay nais ninyong magbuklat sa inyong mga Biblia, at maiksing talata lamang ito, isang talata ng Kasulatan, ngunit ito na ang huling makikitang talata—huling Tatak ang ibig kong sabihin. 47 Ngayon, kagabi ay nangusap tayo tungkol sa Ikaanim na Tatak. Unang Tatak, bilang pasimula ng anticristo, dumaan ang kaniyang panahon, at nakita natin kung papaano siya lumabas, kung papaanong ang hayop na ipinakilala sa kapangyarihan ng Diyos ay humayo kasabay ng kapangyarihan ng anticristo upang kalabanin ito. 48 Di ako naniniwalang maaaring magkaroon pa ng katanungan sa isipan ninuman tungkol dito. 49 At nakita nating pagkatapos na pagkatapos ng kapanahunan ng iglesiang iyon, ang mga hayop na iyon ay umalis na—matapos iyon nakita nating nabago ang buong larawan. Wala nang mga hayop na lumabas. Kita n'yo? Ngunit iyon ay pasimula, papasok sa panahon ng kapighatian matapos na makaalis na ang Iglesia. 50 At iyon ay akmang-akma sa mga kapanahunan ng iglesia. Wala akong makita katiting man, isa mang bagay na hindi umakma nang husto, maging sa mga kapanahunan at lahat na, at ang tiyempo. Isipin n'yo ito. Ipanakikita niyan na tiyak na ang Diyos ang may gawa nito. Kita n'yo? Hindi iyon maunawaan ng makataong pag-iisip.

20 At ngayon, nakita nating… Ganundin ating… Pinakuha sa atin ng Panginoon ang Kasulatan, ang Banal na Kasulatan, tungkol sa kung anong sinabi ni Jesus na magaganap. At papaano natin nagawang malaman iyon?

Narito't ipinahahayag at inihahatid nito nang eksaktong-eksaktong (ang Kaniyang sermon do'n) tugon do'n, inilalahad nang tamang-tama ang anim na Tatak, ngunit di Niya binanggit ang Ikapito. Kita n'yo? 53 At nang mabuksan ang mga Tatak, hindi hinayag ng Diyos (pansinin n'yo rito) maging anumang simbulo ng Ikapito. Kita n'yo? Ganap itong lihin sa Diyos. Pansinin n'yo, babasahin na natin ang Ikapitong Tatak sa Biblia. Iyon ay masusumpungan sa ika-8 kabanata ng Apocalipsis. At nang buksan niya ang ikapitong tatak, ay nagkaroon ng katahimikan sa langit na may kalahating oras. (At iyan lang ang mayroon tayo tungkol do'n.)

21 Ngayon, mapapansin natin, at sisikapin natin huwag magpakatagal, sapagkat marami sa inyo ang bibiyahe pa ngayong gabi sa pag-uwi. At nagisip akong magdaos muli ng healing service kaninang umaga, at nang sa ganun ay makauwi na kayo kinaumagahan, hindi n'yo na kailangang maghintay. At ngayon, tayo'y… 55 At ganun din ako; kailangan kong maglakbay patungo sa Tucson, Arizona, kung saan ako nakatira, at, siya nang tahanan ko ngayon. 56 At nais kong makabalik dito, kung loloobin ng Panginoon, mga… Nais ng pamilya ko na bumalik sa loob ng ilang araw sa Hunyo. At ngayon, marahil ay magkikita-kita tayong lahat dito sa isang gawain sa panahong iyon.

22 Ang susunod na katakdang gawain ko ay sa Albuquerque, New Mexico. Sa wari ko'y sa ika-9, ika-10, at ika-11. Mapaparoon ako ng Huwebes at Biyernes Santo. Dapat sana'y naroon ako sa kabuuan niyon, ngunit may iba akong mga appointment kaya't sa panahong iyon lang ako makararating, kaya't ako ang magsasalita ng Huwebes at Biyernes ng gabi sa Albuquerque, New Mexico. 58 At ang kasunod na alam natin, malapit na, maaaring (Hindi pa natin tiyak.), iyon ay ang makasama ang mga kaibigan natin, ang grupo ng "Midnight Cry" sa Southern Pines, North Carolina. At sila'y nasa telepono ngayon doon, at nagpadala na sila ng mensahe sa telegrama, at lahat ay nalalapit na rin para sa isa pang grupo sa Little Rock ng mga taga Jesus' Name na nakasama ko sa mga pagtitipon sa Cow Palace nung nakaraang tag-init. Magdadaos sila ng kanilang kumbensyon sa Little Rock, Arkansas. At simula pa nung nakaraang taon ay nag-aasam sila ng kahit na isang gabi o kaya ay buuin na, ngunit magiging handa sila kahit na sa

isang gabi lang.

23 Kaya't ang sabi ko sa kanila, dahil di ko alam kung ano'ng dapat gawin, maaari nila itong i-advertise na posibleng mangyari, at pagkatapos ay ikukumpirma na lang nila. Katatawag lang ba niya? A-ha. Sige. Ano'ng

sabi? [Nakipag-usap si Brother Branham sa isang tao tungkol sa mga namungkahing pagtitipon—Ed.] (Sa Hot Springs ba 'yon? Nagkamali ako. Sa abente-kuwatro ng Mayo? Abente-kuwatro hanggang abente-otso ng Hunyo.) Ngayon, inanunsyo iyon na posibleng maganap. Iyon ay, kung kalooban ng Panginoon. 60 Kita n'yo, heto ang dahilan kung bakit gusto kong gawin ang mga bagay na iyon. Malalaman n'yo maya-maya. Kita n'yo? Pag pumupunta ako sa isang lugar, nais kong itapak ang mga paa ko ro'n na alam kong sinabi ng Diyos na pumaroon ako. At kung humadlang man ang kaaway kahit saan, sasabihin ko, "Narito ako sa Ngalan ng Panginoong Jesus; umurong ka na lang." Kita n'yo, kita n'yo? Kung magkagayon ay tiyak ka sa tinatayuan mo. Kita n'yo? 61 Kahit saan ka Niya isugo, iingatan ka Niya. Kita n'yo? Ngunit kapag humayo ka nang nagbabakasakali, kung gayo'y di ko na alam. Maaaring hindi Siya pumaroon. Kaya't nais kong makatiyak sa abot ng aking magagawa. Marami na akong pinuntahan na di Niya sa akin pinapuntahan, ngunit nais kong makasiguro hangga't maaari. Pagpalain kayong lahat ng Panginoon ngayon.

24 Ngayon, ngayon, mapapansin natin, ang nag-iisang talatang ito, nais lang natin gumawa sandali ng isang bagay bago ito. Kung napansin n'yo, nilampasan natin ang ika-7 kabanata. Tinapos ng ika-6 na kabanata ang Ikaanim Tatak, ngunit sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak ay may naganap. Kita n'yo? At napakaganda ng pagkakapuwesto niyon sa akma nitong lugar— sa pagitan ng ika-6 at ika-7 na kabanata. Ngayon, kung mapapansin n'yo sa ika-7 kabanata, mapapansin natin na sa pagitan ng ika-6 at ika-7 ay may patlang—may patlang sa pagitan ng ika6 at ika-7 kabanata ng Aklat ng Apocalipsis; at sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak ibinigay ang patlang na ito. Ngayon, nais nating pansinin ito: napakahalaga na pansinin natin ang panahong ito.

25 Ngayon, alalahanin n'yo, pagkatapos ng ika-4 na kabanata ng Apicalipsis, ang Iglesia ay nakaalis na. Pagkatapos na humayo ng apat na mangangabayo, ang Iglesia ay umalis na. Kita n'yo? Lahat ng nangyari sa Iglesia ay nangyari hanggang sa ika-4 na kabanata ng Apocalipsis; lahat ng nangyari sa pagkilos ng anticristo, ay umabot hanggang sa ika-4 na kabanata, at ang Ikaapat na Tatak ng Apicalipsis (para sa anticristo at kay Cristo) ay natapos na; at ang anticristo ay darating sa kaniyang kawakasan, kasama ng kaniyang hukbo, at si Cristo ay darating kasama ng Kanyang hukbo.

Dati na itong pakikibaka na nagsimula noon pang bago magsimula ang panahon. At sila ay… Si Satanas at ang kaniyang mga anghel ay sinipa palabas. At pagkatapos ay napunta sila sa lupa, at ang pakikibaka ay naikasa muli. Mangyari kasi ay giniba ni Eva ang harang na nagbubukod sa kaniya sa likod ng Salita ng Diyos, at mula sa oras na iyon, nagtagumpay si Satanas sa labanan sa Salita ng Diyos, sapagkat isa sa Kaniyang mga sakop, ang mas mahina, ay nagbaba ng harang.

26 At ganiyang-ganiyan siya nagtagumpay sa pakikipagbaka sa bawat pagkakataon sapagkat isa sa Kaniyang mga sakop ay nagbaba ng harang mula sa Salita. 65 At ganun ang nangyari sa huling kapanahunan ng iglesiang ito sa pamamagitan ng sistemang makaorganisasyon at ayaw tanggapin noon ng tunay at totoong banal na iglesia ng buhay na Diyos na may leong mangangabayo ang Salita at ibinaling ang iglesia mula sa Salita patungo sa dogma. 66 Ngayon, ilan ang nakakaalam na sa dogma itinatag ang iglesiang Romano Catolico? Inaamin ba nila ito? Walang pasubali. Tunay nga, totoong inaamin nila ito. Walang… Hindi masasaktan ang damdamin ng mga Catolico dahil alam nila 'yon. Kadadagdag lang nila ng isang bagong dogma di pa katagalan na si Maria raw ay nabuhay na muli. Naaalala n'yo ba 'yon dito ilang tao pa lamang ang nakararaan, mga sampung taon. Ilan ang nakaaalala niyon? Ang mga diyaryo at iba pa… Tunay nga, puro ito dogma, hindi Salita.

27 Ang sabi ng isang pari sa isang panayam di pa katagalan, "Mr. Branham," aniya, "Ang Diyos ay nasa Kaniyang iglesia." 68 Ang sabi ko, "Ang Diyos ay nasa Kaniyang Salita." Ang sabi niya, "Hindi tayo dapat nagtatalo." Ang sabi ko, "Hindi ako nakikipagtalo. Gumagawa lang ako ng pahayag." Ang Diyos ay nasa Kaniyang Salita. "Sinumang magbawas Dito o magdagdag Dito ay…" ayon sa Salita. 69 Ang sabi niya, "Buweno, binigyan ng Diyos… ni Cristo ng kapangyarihan ang Kaniyang iglesia, at sinabi Niya sa kanila na anumang talian nila sa lupa ay tatalian sa langit." Ang sabi ko, "Iyan talaga ang Katotohanan." 70 Ang sabi niya, "Base sa mga prinsipyong ito, may kapangyarihan kaming magkalag ng kasalanan, at…"

Ang sabi ko, "Kung gagawin n'yo iyon sa paraang ibinigay sa iglesia at sa paraan ng pagganap nila, tatanggapin ko 'yon. Kung ganun n'yo 'yon ginagawa, may tubig dito upang magpabautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, hindi sa pamamagitan ng kung sino na nagsasabi sa'yo na ang mga kasalanan mo ay napatawad na." Kita n'yo? Eksakto 'yan.

28 Masdan n'yo si Pedro na may hawak ng mga susi nung araw ng Pentecostes. Alalahanin n'yo, nasa kaniya ang susi na sinasabi nila. At ang sabi ng lalaking iyon, "Mga kalalakihan at mga kapatid, ano'ng maaari naming gawin upang maligtas?" 73 Ang sabi ni Pedro, "Magsisi ang bawat isa sa inyo;

magpabautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo." "Para saan?" "Sa ikapagpapatawad ng kasalanan. At tatanggapin n'yo ang kaloob ng Espiritu Santo, sapagkat ang pangako ay sa inyo at sa inyong mga anak, sa mga nasa malayo, maging gaaano man karami ang tawagin ng Panginoon nating Diyos." Tama. Kaya't tapos na iyon magpakailan man. Tapos na. Iyon na 'yon. 74 Ngunit ngayon, makikita n'yo, nakapasok ang anticristo, tulad ng inilarawan at ipinakita natin. Napakadakilang kapahayagan, naku, naku. At isipin na lang na nakita natin itong umusad sa mga nagdaang taong ito, at narito ito'y ganap at direktahang ITO ANG SABI NG PANGINOON.

29 Ngayon, mapapansin natin ang patlang na ito sa pagitan ng ika-6 at ika-7 kabanata. Ngayon, itong ika-7 kabanata ng Apocalipsis ay naghahayag ng isang pangyayari. Hindi ito naririto nang walang kabuluhan. Hindi ito inilagay sa pagitan nito nang walang kabuluhan. Kita n'yo? Ito ay naririto dahil sa isang layunin, ito'y isang kapahayagan na naglalahad ng isang bagay. 76 Pansinin n'yo, napakahiwaga at tamang-tama sa bilang ang pagkakasingit nito sa Kasulatan (Kita n'yo?), eksakto. Naniniwala ba kayo sa matematika ng Diyos? Kung hindi, kayo'y tunay na ligaw sa… Kayo'y maliligaw sa Salita. Kapag sinimulan n'yong maglagay ng apat o anim o—o ng isang bagay liban sa mga salitang pangmatematika na tumatakbo nang may kaayusan, siguradong magkakaroon kayo sa inyong tanawin ng isang bakang nanginginain ng damo sa ibabaw ng isang punong kahoy. Siguradong malilihis kayo, sapagkat ang Diyos ay hindi… Ang buong Salita Niya ay lubos na tumatakbo ayon sa matematika. Opo. Sakdal, ang pinakasakdal na… Walang ibang literaturang naisulat na tulad Niyon—na katulad Niyon— napakasakdal Nito sa matematika.

30 Ngayon, inihahayag lang ng ika-8 kabanata ang eksena ng Ikapitong Tatak kung saan ay wala nang iba pang ipinahayag. 78 Ngayon, walang ipinahayag sa Ikapitong Tatak. Ngayon, wala itong kinalaman sa ika-7 kabanata ng Apocalipsis. Ang kapahayagan ng Ikapitong Tatak ay ganap na walang sinasabi. At kung mayroon lang akong panahon (Susubukan ko sa ilang dako.) upang ipakita sa inyo pabalik sa Genesis na ang Ikapitong Tatak na ito ay nabanggit na. Mula sa pinakapasimula sa Genesis, ang mga Tatak na ito ay umusad hanggang sa panahong ito. 79 Hindi n'yo ba naaalala kung papaanong nabanggit ang mga bagay na ito kaninang umaga? At masdan n'yo na ito ay nababanggit ngayong gabi, at makikita n'yo na pagdating sa Ikapitong Tatak, napuputol siya. Tulad din nang… 80 Si Jesus Cristo mismo ang nangungusap, binanggit Niya ang huling panahon at nang dumating Siya sa—binanggit Niya lahat ang anim na mga Tatak; pagdatingt Niya sa Ikapito, huminto Siya. Hayun. Kita n'yo? Ito'y isang dakilang bagay.

31 Ngayon, ngayon, mangungusap na tayo sandali tungkol sa ika-7 kabanatang ito upang maipangtulay natin sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak, sapagkat iyon ang tanging materyales na kailangan nating puntahan sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak, ang pagtawag sa Israel. 82 Ngayon, maraming akong mabubuting kaibigang Jehovah Witness na nakaupo rito. Ang lahat ay… O naging. Marahil ang ilan sa kanila ay Jehovah Witness pa rin. Ngunit palagi nilang pinatutungkol (Ganito ang ginawa ni Mr. Russel.) ang sandaan at apatnapu't apat na libo sa supernatural na Nobya ni Cristo. Kita n'yo? Sila'y… Hindi 'yon. Wala itong anumang kinalaman sa kapanahunan ng iglesia. Israel lang talaga sila. (Ngayon, magbabasa tayo sa loob ng ilang sandali.) 83 Ngayon, ang patlang na ito sa pagitan ng mga Tatak na ito ay ang pagtawag at pagtatatak sa sandaan at apatnapu't apat na libong mga Judio na tinawag sa kapanahunan ng kapighatian matapos na makaalis ang Iglesia. Kita n'yo? Wala itong anumang kinalaman sa kapanahunan ng iglesia. Oh, isiningit nang akmang-akma sa Kasulatan ang tatlo't kalahating sanlinggo na nakalaan sa bayan ni Daniel. Kita n'yo? Hindi sa mga Hentil, sa bayan ni Daniel, at si Daniel ay isang Judio.

32 Ngayon, pansinin n'yo, ang mga propeta lamang niya ang pinaniniwalaan ng Israel, at ito ay matapos na sila ay mabindika. At hindi kailanman sa kapanahunan ng iglesia, mula pa nung unang iglesiang apostoliko, na nagkaroon ng isang propeta ang Protestantang iglesia. Sabihin

n'yo sa akin kung sino at ipakita n'yo sa akin: wala. Mayroon sila noon sa unang Apostolikong panahon na ang ngalan ay Agabus na isang binindikang propeta. Ngunit nang pumasok na ang mga Hentil sa pamana ng Diyos, at si Pablo ay bumaling sa mga Hentil pagkatapos na matanggap ni Pedro (tulad ng binasa natin kagabi) mula sa Panginoon na siya ay kukuha ng isang bayan mula sa mga Hentil para sa Kaniyang Pangalan, ang Kanyang Nobya, magmula no'n ay hindi na nagkaroon ng isang Hentil na propeta sa mga pahina ng kasaysayan.

33 Ngayon, balikan n'yo na lang ang kasaysayan at alamin n'yo? Bakit? Magiging ganap itong salungat sa Salita. 86 Nang humayo ang una, isa iyong leon. Iyon ay Salita ng propeta. Ang kasunod ay ang paggawa, sakripsiyo. Ang sumunod na lumabas ay ang katalinuhan ng tao. Ngunit pinangakuan tayo sa huling araw na iyon ay muling magbabalik sa iglesia upang maituwid ang lahat ng mga naiwang di tapos, sapagkat naihula rito na ang mensahe ng ikapitong anghel ang tatapos ng mga hiwaga ng Diyos. 87 At dinaanan na natin ang lahat ng iyon. Nakikita natin na tugmang-tugma ito sa mga Kasulatan. Iyon ang dahilan.

34 Ngayon, maiisip n'yo ba kapag dumating ang taong ito sa eksena— pagdating n'ya, alalahanin n'yo,

magiging napakahamak nito at lahat na at hinding-hindi ito makikita ng mga iglesia. At maiisip n'yo bang tatanggapin ng mga iglesia, na nasa silong pa ng tradisyon ng mga reformer, ang isang propetang galing sa Diyos na mahigpit na sasalungat sa kanilang mga katuruan at organisasyon? 89 Ngayon, may iisang tao lang na makagaganap niyon, iisang espiritu lang na naparito na sa lupa na alam ko; kung hindi iyon… Siguradong magiging si Elias iyon sa kaniyang panahon. At naihulang magiging iyon nga, at iyon ay walang iba kundi ang Espiritu ni Cristo. 90 Nang dumating si Cristo, Siya ang kapuspusan; Siya ay isang propeta; Siya ang Diyos ng mga propeta. Kita n'yo,

35 Tignan n'yo kung gaano nila kinamuhian si Cristo. Ngunit dumating Siya nang eksaktong-eksakto sa paraang sinabi ng Salita. Ngunit dahil sa Siya ay isang propeta, nahiwalay sila sa Kaharian ng Diyos nang pusungin nila at tawaging maruming espiritu ang Espiritu ng Diyos, na nagdi-discern at iba pa. 92 Ang sabi nila Siya raw ay isang manghuhula o isang demonyo… Iyon ay… Ang manghuhula ay isang demonyo (Kita n'yo?), espiritung demonyo. Tunay nga. Alam n'yo ba 'yon? Tunay na tunay. Ang panghuhula ay panggagaya sa isang propeta, at ito'y totoong pamumusong sa harapan ng Diyos.,

36 Ngayon, pansinin n'yo, tatawagin sila ayon na ayon sa mga Kasulatan ng tatlo't kalahating taon ni Daniel. Pansinin n'yo, ang mga mananampalatayang Israelita ay sinabihan sa Lumang Tipan na sumampalataya sa kanilang mga propeta matapos na mabindika ang propeta. "Kung may isa sa inyong kalagitnaan na espirituwal o isang propeta, Ako, na Panginoon ninyong Diyos, ay magpapakilala sa kaniya at mangungusap sa kaniya sa mga pangitain, at mga panaginip": magpapaliwanag ng mga panaginip. 94 Kapag may nanaginip, iyon ay magagawang ipaliwanag ng propeta. At pag nakakita siya ng isang pangitain, sasabihin niya ito, "Magpapakilala Ako sa kaniya sa pamamagitan ng mga pangitain at panaginip—ipapakilala ko ang Aking Sarili. At kung matupad ang kaniyang sinabi, kung gayo'y dinggin n'yo ang propetang iyon, sapagkat Ako ay sumasakaniya. Kung hindi, huwag na huwag n'yo siyang katakutan." Tama. "Lumayo kayo; hayaan n'yo na lang siya." Kita n'yo?

37 Ngayon, iyon… Ngayon, sa tuwina ay paniniwalaan iyon ng Israel. At di n'yo ba nakikita kung bakit? Ngayon, nais kong masapo n'yong mabuti ang aral na ito ngayong gabi. Bakit? Sapagkat utos iyon ng Diyos sa kanila. Wala akong pakialam kung gaano karaming mga babasahin ang dalhin at ipangalat ng mga Hentil doon. 96 Wala akong pakialam kung gaano mo sinusuyod ang Israel na may halukipkip na Biblia na pinapatunayan ang ganito, ang ganiyan, o ang iba pa; wala silang ibang tatanggapin maliban sa isang propeta. Iyon talaga ang tama. Sapagkat ang isang propeta ang tanging makagagawang kumuha ng Makalangit na Salita at maglagay Dito sa tama Nitong lugar at maging isang binikadong propeta; paniniwalaan nila ito. Tama.

38 Tulad nang kausap ko ang isang Judio dito sa Benton Harbor, nang matanggap ni John Rhynn, na bulag buong buhay niya, ang kaniyang paningin. Dinala nila ako doon sa House of David, at lumabas ang rabi na ito na may mahabang balbas; ang sabi niya, "Sa anong kapamahalaan mo ipinagkaloob ang paningin ni John Rhynn?" 98 Ang sabi ko, "Sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos." 99 Ang sabi niya, "Malayong magkaanak ang Diyos." At aniya pa, "Hindi n'yo maaaring putul-putulin ang Diyos sa tatlo at pagkatapos ay ibigay sa isang Judio at gawin Siyang tatlo. Isang bungkos kayo ng mga hiteno." 100 Ang sabi ko, "Hindi ko Siya hinahati sa tatlo." Ang sabi ko, "Rabi, magiging kakatuwa ba sa iyo na paniwalaan na nagsabi ang isa sa mga propeta n'yo nang mali?"

Ang sabi niya, "Hindi nagsasabi ng anumang mali ang aming mga propeta." Ang sabi ko, "Sino ang tinutukoy ng Isaias 9:6?" Ang sabi niya, "Ang Mesias." Ang sabi ko, "At ang Mesias ay magiging isang taong-propeta. Tama ba?" Ang sabi niya, "Opo, tama." Ang sabi ko, "Ipakita mo sa akin kung saan sumablay si Jesus." Ang sabi niya… ang sabi ko, "Anong magiging kaugnayan ng Mesiang propeta sa Diyos?" Ang sabi niya, "Siya ay magiging Diyos." Ang sabi ko, "Tama 'yon. Ngayon, sapul na sapul mo." Kaya't tulungan nawa ako, ang Judiong iyon na nakatayo ro'n at umaagos ang luha sa pisngi, ay nagsabi, "Pakikinggan kita sa ibang panahon sa hinaharap." 102 Ang sabi ko, "Rabi, naniniwala ka ba ro'n?" Ang sabi niya, "Tignan mo," aniya, "Magagawa ng Diyos na magpalitaw ng mga anak kay Abraham mula sa mga batong ito." (Alam kong siya ay nasa Bagong Tipan.) 103 Ang sabi ko, "Tama, Rabi. Ngayon, paano na?" Ang sabi niya, "Kung ipapangaral ko 'yon, mapupunta ako ro'n sa ibaba," (alam n'yo ang kinaroroonan ng kanilang lugar sa ibabaw ng burol) "doon sa lansangan na namamalimos ng tinapay." Ang sabi ko, "Mas nanaisin kong maparoon ako na namamalimos ng tinapay…" (Nakakapit pa rin ang mga Judio sa pera, alam n'yo na. Kita n'yo, kita n'yo?) 104 "Mas nanaisin kong…" (at ang pangalan niya ay kulay ginto pa sa…) Ang sabi ko, "Mas nanaisin kong maparoon na kumakain ng biskuwit at umiinom ng tubig-batis, na alam kong ako'y naaayon sa Diyos at tapat kaysa sa maparito ako na ang aking pangalan ay nasa gusaling iyon na may mga ginintuang letrang tulad niyan." Ayaw na niyang makinig sa akin. Kaya't pumasok na siya.105 Ganun 'yon. Hindi mo maaaring putul-putulin ang Diyos sa dalawa o tatlong piraso, na kung tawagin ay Ama, Anak, at Espiritu Santo, at gumawa ka ng tatlong diyos pagkatapos ay ibibigay mo sa isang Judio. Ang pinakautos Niya ay: "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa aking harapan. Ako ang Panginoon n'yong Diyos."

Ano ang sabi ni Jesus? Ang sabi ni Jesus, "Pakinggan n'yo, o Israel, Ako ang Panginoong n'yong Diyos": Isang Diyos, hindi tatlo." Hindi mo 'yan kailanman mapapatanggap sa kanila. Walang propetang

mangungusap kailanman tungkol sa tatlong diyos. Wala. Hindi mo iyan maririnig kailanman. Hindi po. Iyan ay pagano at hiteno tulad ng pinagmulan nito. Opo.

39 Ganun 'yon. Hindi mo maaaring putul-putulin ang Diyos sa dalawa o tatlong piraso, na kung tawagin ay Ama, Anak, at Espiritu Santo, at gumawa ka ng tatlong diyos pagkatapos ay ibibigay mo sa isang Judio. Ang pinakautos Niya ay: "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa aking harapan. Ako ang Panginoon n'yong Diyos."

Ano ang sabi ni Jesus? Ang sabi ni Jesus, "Pakinggan n'yo, o Israel, Ako ang Panginoong n'yong Diyos": Isang Diyos, hindi tatlo." Hindi mo 'yan kailanman mapapatanggap sa kanila. Walang propetang mangungusap kailanman tungkol sa tatlong diyos. Wala. Hindi mo iyan maririnig kailanman. Hindi po. Iyan ay pagano at hiteno tulad ng pinagmulan nito. Opo.

40 Pansinin n'yo, ngunit ang mga propetang ito ay darating. Hindi lang iyon… Ang mga propetang iyon ay nasa Apocalipsis 11. Nabasa natin ang ilan tungkol dito, at nais kong basahin n'yo ito habang pinag-aaralan n'yo ang mga tape at iba pa. Ganap silang binindikang mga propeta sa pamamagitan ng tanda ng propeta; kung gayo'y pakikinggan iyon ng Israel. 108 Ngayon, sa inyong mga Jehovah Witness na mga kaibigan ko, ang sandaan at apatnapu't apat na libong ito ay walang kinalaman sa Nobya. Walang isa mang Kasulatan na susuporta diyan. Wala po, wala. 109 Sila ay mga Judio, ang hinirang na tinawag sa panahon ng huling tatlo at kalahating taon ng pitumpung sanglinggo ni Daniel. Ngayon, iyon ay… Paulit-ulit ko itong sinisipi, hindi masyado sa inyong mga naririto, kundi (Kita n'yo?), sa mga taong… Ang mga tape na ito ay nakararating sa lahat ng dako. Nakikita n'yo ba? Unawain n'yo 'yon. Naririnig n'yo akong nag-uulit-ulit; may layunin ito.

41 Pansinin n'yo, nakikita n'yo na kung papaanong kinailangan silang bulagin… Nakikita n'yo ba kung papaanong kinailangang—si Jesus—o kinailangang bulagin ng Diyos ang mga Judio upang hindi nila makilala si Jesus? Kung alam nila, kung alam lang nila nang makita nila ang tandang ginawa Niya, kung sila'y nasa tamang katayuan tulad nung sila ay nasa ilalim ng kautusan nang utusan sila ng Diyos tungkol sa isang propeta, at pagkatapos ay nakita nilang ginawa iyon ni Jesus, sinabi sana nila, "Ito ang Mesias." Bakit ganun?

42 Yaong mga nasa kapanahunang iyon ay nakasulat ang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero, ang Kaniyang mga alagad at iba pa, nakita nila iyon at nakilala. Bakit hindi iyon nagawa ng iba pa sa kanila? Kita n'yo? Sila ay bulag. Hindi nila iyon nakita; di pa rin nila iyon nakikita. At di nila iyon makikita hanggang sa siya (ang Israel) ay isilang bilang isang bansa sa isang pagkakataon. Iyon ay… Hindi maaaring mabigo ang Salita. 112 Alalahanin n'yo, hindi maaaring mabigo ang Salita. Wala akong pakialam kung gaano karaming sensasyon ang maranasan mo, at lahat ng iba pang nangyayari, subalit ang Salitang iyon ay hindi pa rin mabibigo: magaganap ito nang eksakto sa pagkakasabi ng Diyos. Kita n'yo?

43 Ngayon, nauunawaan nating dapat mangyari ang mga bagay na ito. At iyon ang dahilan kaya di nila nakilala si Jesus nang ganap Niyang ipakilala ang Kaniyang Sarili bilang ang propetang iyon. Maging ang babaeng Samaritanang nasa balon… 114 Hindi pa Siya nakapunta sa Samaria. Basta't pumaroon Siya at sinabi Niyang kailangan Niyang dumaan do'n. 115 At pagpunta Niya ro'n, naroon ang babaeng iyon. At siya sa kaniyang kalagayan, ay nasa mas mabuti pang katayuan upang tanggapin ang Ebanghelyo kaysa sa mga relihiyosong mga pari at iba pa ng araw na iyon. 116 At tinanggap niya nga. Oo. Ngayon, kita n'yo, ngunit sa harap ng lahat ng pagtanggi nila, isa sa kanilang mga pinakadakilang lalaki ay umamin na alam nilang Siya ay isang gurong sugo ng Diyos.

44 Kausap ko ang isa sa mga pinakamahusay na duktor sa katimugang Amerika, sa kaniyang opisina di pa katagalan, isang napakagaling na espasyalista sa Louisville, isang tunay na dakilang lalaki. At ang sabi ko sa kaniya; ang sabi ko, "Duktor, nais kitang tanungin." 118 Ang sabi niya, "Sige." Ang sabi ko, "Napansin ko ang inyong medical sign, ang tungkod, mayroon kayong ahas na nakapulupot sa isang tikin. Ano ang sinisimbulo niyon?" 119 Ang sabi niya, "Hindi ko alam." At ang sabi ko, "Ito ang sinisimbulo niyon: isa iyong simbulo ng Divine healing nang itaas ni Moises ang tansong ahas sa ilang (Kita n'yo?), at iyon ay isa lamang simbulo, isang lamang simbulo ng tunay na Cristo." 120 Ngayon, sa araw na ito, ang medisina ay isang tanda ng Divine healing. At bagama't marami sa kanila ang di naniniwala rito (ang mga tunay na mahuhusay na duktor ay naniniwala rito), ngunit may ilan sa kanilang di naniniwala rito, ngunit ang pinaka simbulo na kanilang itinataas ay nagpapatotoo sa kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat sa maniwala man sila o hindi. Tama. May tansong ahas na nakasabit sa isang tikin sa kanilang medical emblem.

45 Ngayon, pansinin n'yo ang mga Judiong ito. Ngayon, ang kaliskis ng pagkabulag ay nasa mata ng mga taong ito. Wala silang magawa. 122 Naroroon iyon, at ang Diyos ang naglagay niyon do'n. At mananatiling naroroon iyon hanggang sa panahon kung kailan ay ipinangako sa kanila ang pagdating ng mga propetang ito…

Maaari kayong magsugo ng mga misyonero; maaari kayong gumawa ng anumang naisin n'yo; hindi tatanggap ang Israel hanggang sa dumating ang mga propetang ito sa eksena, at iyon ay magaganap

pagkatapos ng pag-agaw sa Iglesiang Hentil. Kung papaanong hindi maaaring tumanggap ng panawagan ng leon ang kapanahunan ng baka—sapagkat sinabi ng Diyos sa Kaniyang Salita na isang espiritu ng baka ang humayo; at sa kapanahunan ng mga reformer, isang tao ang humayo. Kita n'yo? Nakita n'yo… Iyon lang ang tanging maaari nilang matanggap. Iyon ay… At sa kinaroroonan nila ngayon, sila ay bulag. Ganun lang iyon. 124 Ngunit ngayon ay pansinin n'yo, na ang panahon ng mga Hentil ay matatapos. Noon ay may isang punong kahoy, at ang mga ugat ay Judio, at iyon ay pinutol, at ang Hentil ay inihugpong sa olibong ligaw, at ito'y namumunga. 125 Ngayon, kapag pinutol na ang Nobyang Hentil na iyon (ang punong Nobya na sinabi ko) at iyon ay inakyat na sa Presensya ng Diyos, kakalusin ng Diyos ang mga di mananampalatayang Hentil sa isang tabi, ang natutulog na birhen, at maghuhugpong Siyang muli. Ipinangako Niyang gagawin Niya iyon. At hanggang sa panahong iyon, sadyang kailangan n'yong malaman kung saan… Kung alam n'yo kung saan kayo papunta, buweno, sige. Kung di n'yo alam, aba'y, nagpapasuray-suray kayo sa kadiliman.

46 Ngayon, diyan tatanggap ang mga Judio, sa panahong iyan. Ngayon… Tulad ng kapanahunan ng iglesia. Sa ilalim ng kapangyarihan ng pinahirang pangako, tatanggapin nila si Cristo; ngunit ngayon, hindi habang nasa loob pa ang mga Hentil. Ngayon, makikita natin kung ano'ng uri ng mensahe ang ipangangaral ng dalawang propetang ito sa ika-11 kabanata ng Apocalipsis. Ngayon, makikita n'yo nang malinaw kung ano talaga ang kanilang gagawin. Sapagkat ang mga nalalabi, o ang sandaan at apatnapu't apat na libong predestinado, ay tatanggap sa Tatak ng Diyos.

47 Basahin na lang natin. Ngayon, makinig kayo nang husto ngayon. Ngayon, nais kong samahan n'yo akong magbasa dahil babanggitin ko itong muli maya-maya lang nang kaunti: ika-7 kabanata, ngayon ito ay sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak. … pagkatapos nito… (Pagkatapos ng mga bagay na ito, ng mga Tatak na ito, ang Ikaanim na Tatak ay kinalag, at iyon ang panahon ng kapighatian. Nauunawaan ba ito ng lahat? 128 Ang Ikaanim na Tatak ay kinalag, at nag-umpisa na ang panahon ng kapighatian. Pagkatapos nito, masdan n'yo.)… pagkatapos nito ay nakita ko

ang apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa, na pinipigil ang apat na hangin ng lupa, upang huwag humihip ang hangin sa lupa, o sa dagat man, o sa anomang punong kahoy. (apat na anghel) At nakita ko ang ibang anghel na umaakyat mula sa sikatan ng araw, na taglay ang tatak ng Dios na buhay: at siya'y sumigaw ng tinig na malakas sa apat na anghel na pinagkaloobang mapahamak ang lupa at ang dagat. Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, kahit ang mga punong kahoy, hanggang sa aming matatakan sa kanilang mga noo ang mga alipin... (Hindi ang Nobya, mga alipin, hindi ang mga anak, mga alipin. 129 Ang Israel noon pa man ay alipin na ng Diyos. Ang iglesia ay mga anak. Kita n'yo? Sa pamamagitan ng kapanganakan. 130 Ang Israel ay alipin Niya. Masdan n'yo, sa laht ng dako palaging… 131 Si Abraham ay alipin Niya. Tayo'y hindi mga alipin; tayo'y mga anak, mga anak na lalaki at babae. Siya nga.) ng ating Dios. (Ngayon, masdan n'yo, ng ating Diyos sa kanilang mga noo.) At narinig ko ang bilang ng mga natatakan, na isang daan at apat na pu't apat na libo, na natatakan sa bawa't angkan ng mga anak ni Israel.

48 At ganap Niyang pinangalanan ang mga iyon. 133 Ngayon, kung nagkataong mayroong isang British Israel discerner na nakaupo rito, pakinggan n'yo kung papaanong pinahihina nito ang argumento niyon. Kita n'yo? Sa angkan ni Juda ay labingdalawang libo ang tinatakan… (angkan ang tawag)… Sa angkan ni Ruben ay labingdalawang libo; sa angkan ni Gad ay labingdalawang libo. (Masdan n'yo ang inyong—masdan n'yo ang inyong angkan ngayon.) At sa angkan ni Aser ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Neftali ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Manases ay labingdalawang libo. Sa angkan ni Simeon ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Levi ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Isacar (Issachar, sa wari ko, ang bigkas do'n)… ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Zabulon ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Jose ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Benjamin ay labingdalawang libo ang tinatakan.

49 Ngayon, mayroong labindalawang angkan, labindalawang libo mula sa isang angkan. Labindalawang labindalawa ay ano?

Sandaan at apatnapu't apat na libo. Ngayon, masdan n'yo, ang mga iyon ang lahat ng mga ankan ng Israel. Ngayon, masdan n'yo. 136 Pagkatapos nito, heto pa ang ibang grupo. Ngayon, ang Nobya ay nakaalis na. Alam natin iyon; ngunit masdan n'yo ang paglitaw ng grupong ito. Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang lubhang karamihan na di mabilang ng sinoman, na mula sa bawa't bansa at lahat ng mga angkan at mga bayan at mga wika, na nakatayo sa harapan ng luklukan at sa harapan ng Cordero, na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang mga kamay; At nagsisigawan ng tinig na malakas, na nangagsasabi, Ang pagliligtas ay sumaaming Dios na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero. At ang lahat ng mga anghel ay nangakatayo sa palibot ng luklukan, at ng matatanda at ng apat na nilalang na buhay; at sila'y nangagpatirapa sa harapan ng luklukan, at nangagsisamba sa Dios, na nangagsasabi, Siya nawa: Pagpapala at kaluwalhatian, at karunungan, at pagpapasalamat, at karangalan, at kapangyarihan, at kalakasan, nawa ang sumaaming Dios magpakailan kalian man. Siya nawa. At sumagot ang isa sa matatanda (Ngayon, nasa harapan siya ng mga matatanda rito, gaya ng pagkakakita natin sa kaniya sa kabuuan ng mga Tatak.)… At sumagot ang isa sa matatanda na, nagsasabi sa akin, Ang mga ito na nangadaramtan ng mapuputing damit, ay sino-sino…

50 Ngayon, si Juan, bilang isang Judio, nakilala niya ang kaniyang sariling bayan. Nakita niya sila sa anyo ng kanilang tribo. 138 Tama ba? Nakilala at binanggit niya ang bawat isa sa mga tribo. Ngunit ngayon, nang makita niya ang mga ito, medyo nalito siya. 139 At alam iyon ng matanda, kaya't ang sabi niya, … ay sino-sino at saan nagsipanggaling? (Si Juan ay sasagot ngayon) At sinabi ko sa kaniya, Panginoon ko, Ikaw ang nakakaalam… (Hindi sila kilala ni Juan. Kita n'yo? 140 Lahat ng mga angkan, mga wika, at mga bansa.)… At sinabi niya sa akin, Ang mga ito'y ang nanggaling sa malaking kapighatian… (sa ibang salita, sa dakilang kapighatian.)… at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero.

Kaya't sila'y nasa harapan ng luklukan ng Dios; at nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi sa kaniyang templo: at siyang nakaupo sa luklukan, ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo. Sila'y hindi na magugutom pa, ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anomang init. Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios ang bawa't luha ng kanilang mga mata.

51 Ngayon, binuksan natin ang—pumunta na tayo sa Tatak. Napansin n'yo ba, sila ay… Una ay nagsimula na tayo sa Israel, at pagkatapos ay nakita natin ang nilinis na iglesia, hindi ang Nobya, ang nilinis na iglesia sa pamamagitan ng kapighatian (Kita n'yo, kita n'yo?) na umahon dito, malaking bilang ng tunay na sinserong mga puso na nanggaling sa dakilang kapighatian. 142 Hindi ang Iglesia, iyon ay nakaalis na—ang Nobya. Iyon ay ang iglesia. 143 Ngayon, nalaman natin di katagalan, sinabi ni Jesus na ang luklukan ay maipupuwesto at kung papaanong ang bawat isa sa kanila'y magsisitayo sa paghatol. Ngayon, nalaman natin na ang mga taong iyon ay natatakan ng Tatak ng buhay na Diyos (Tama ba?), ang mga Judiong ito. 144 Ano ba ang Tatak ng buhay na Diyos? Ngayon, di ko nais na makasakit ng damdamin ng sinuman, ito'y sinasabi ko lang. Kita n'yo? 145 Alam n'yo ba na sa pagtunghay ko sa maraming mga iskolar na sumulat tungkol dito, sinasabi nila na ang grupong ito, na nahugasan ng dugo, sa katunayan ay ang Nobya? 146 Anong… Mayroon at mayroong aakma dito nang tama, 'pagkat mayroong mali.

52 Pansinin n'yo, ang sabi ng mga kapatid nating Adventist na ang Tatak ng Diyos ay ang pangingilin ng Sabbath (alam n'yo 'yon); ngunit nais ko ng kahit isang Kasulatan dito na nagpapakitang ang Sabbath—o ang pangingilin ng Sabbath ay ang Tatak ng Diyos. Kita n'yo, ito'y isa lamang—kinatha lang ng kung sino ang ideyang iyon. 148 Ngunit kung babasahin n'yo ang Efeso 4:30, ang sabi nito, "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong katubusan." Opo. 149 Kapag natapos na ang pamamagitan, at kayo ay dumating na… Si Cristo ay darating upang tubusin ang pawang Kaniya… Kayo'y natatakan, hindi hanggang sa susunod na revival. Kapag minsan na kayong natatakan ng

Espiritu Santo, iyon ay isa nang natapos na gawa na naghahayag na tinanggap na kayo ng Diyos, at hindi na kayo mawawalay dito. 150 Sasabihin n'yo, natanggap ko na iyon pagkatapos ay nawala." Hindi, di mo pa iyon natanggap. Ang sabi ng Diyos iyon ay magpapatuloy hanggang sa araw ng katubusan. Ngayon (A-ha.), sa Kaniya na lang kayo makipagargumento at makikita natin…?... "Hanggang sa araw ng iyong katubusan…"

53 Pansinin n'yo, kung papaanong mayroong—kung papaanong sila ay labi ayon sa pagkahirang (ang mga Judiong ito), ang nalabi ayon sa pagkahirang sa panahon ng unang ministeryo ni Elias sa mga Judio, kung saan pitong libong mananampalataya ay iningatan sa pamamagitan ng kamay ng Diyos. Ngayon, magkakaroon sa kanilang panahon, sa paparating na panahong ito ng mga nalalabi, ng sandaan at apatnapu't apat na libo ayon sa pagkahirang, na maniniwala sa mensahe sa pagkakataong iyon—ang maniniwala sa mensahe ay sandaan at apatnapu't apat na libo. 152 Ngayon, sasabihin n'yo, "Oh, sandali lang, kapatid, hindi ko alam ang tungkol sa pagkahirang na ito. Buweno, hindi ko iyon nabasa kailan man doon." Sige, kung gayon, tignan natin kung tama ba iyon o hindi. Bumalik tayo sa Mateo, at puntahan natin ito at alamin natin kung hindi tayo makakakita ng isang munting bagay tungkol dito. Sa paniwala ko'y tama ako. (Hindi ko iyon naisulat dito, ngunit dumating lang ito sa aking isipan.) Kunin natin ang dulo, ang ika-30 talata, kung saan tayo nagtungo kagabi, ang katapusan ng Ikaanim na Tatak sa ika-30 talata.

54 Ngayon, basahin natin iyon, at tignan natin ngayon kung saan tayo makakarating. Ang ika-31 talata (Kita n'yo?), makikita nilang dumarating ang Anak ng tao sa kaluwalhatian. Ngayon, ang ika-31 talata: At susuguin ang kaniyang mga anghel na may matinding pakakak, at kanilang titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin ng sanglibutan, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila.

55 Ang hinirang ay lalabas. Ano iyon? At panahong ng kapighatian… Ang… Tatawagin ng Diyos ang Kaniyang hinirang, at iyon ay ang mga Judio sa panahong iyon, ang hinirang. Nangungusap ang Biblia tungkol dito. Nangungusap si Pablo tungkol dito. Ayon sa pagkahirang, magkakaroon ng sandaan at apatnapu't apat na libo (ayon sa pagkahirang) na sasampalataya sa mensahe mula sa milyun-milyon na mapaparoon. 155 Milyun-milyon ang nasa Palestina nung panahon ng panghuhula ni Elias, at pitong libo ang naligtas mula sa milyung-milyong iyon. 156 Ngayon, ayon sa pagkahirang, sa milyun-milyong mga

Judio na nagkakatipon sa kanilang lupang tinubuan (naging isang bansa na ito), milyun

milyon ang mapaparoon, ngunit sandaan at apatnapu't apat na libong hinirang lamang ang kukunin. Maririnig nila ang mensahe.

56 Ganundin sa iglesiang Hentil. Mayroong isang Nobya, at Siya ay hinirang, at tatawagin ayon sa pagkahirang. Pansinin n'yo, lahat ng ito ay tumitipo nang ganap sa Iglesia, ang hinirang na mga mananampalataya; ang iba ay hindi sumasampalataya. Sadyang matutukoy mo ito. Sabihin mo sa isang tao ang katotohanan at patunayan ito sa pamamagitan ng Salita at pagkatapos ay mabindika pa, "Hindi ako naniniwala do'n." 158 Sadya iyong… Hayaan mo na siya. Iyon ang sabi ni Jesus. Ang sabi, "Para kang naghagis ng perlas sa harap ng baboy." Kita n'yo? Ang sabi, "Pabayaan n'yo na lang sila. 159 Tatalikod sila at yuyurakan kayo." Pagtatawanan nila kayo. Lumayo na lang kayo at iwanan n'yo sila kung bulag ang nangunguna sa kapuwa bulag…

57 Nagpunta ako sa isang lalaki di pa katagalan… Nagpunta pala siya sa akin. Nakikipagtalo siya sa lahat ng dako laban sa Divine healing. At lumapit siya, at nagsabi, "Hindi ako naniniwala sa iyong Divine healing." 161 Ang sabi ko, "Naku, palagay ko'y di iyon makabubuti dahil wala ako niyon"; at siya'y… Ang sabi ko, "ngunit ang Diyos ay sakdal." Ang sabi niya, "Walang ganun." 162 Ang sabi ko, "Masyado ka nang nahuli sa pagsasabi niyan, Kaibigan. Siyanga, napatagal ang paghihintay mo. Maaari ka sanang makipagtalo nung nakaraang ilang taon, ngunit iba na ang panahon ngayon: milyun-milyon ang magpapatotoo. Kita mo?" Ang sabi ko, "Nahuli ka na masyado ngayon, iho, para sabihin 'yan." 163 Ang sabi niya, "Buweno, di ako naniniwala ro'n. Wala akong pakialam anuman ang gawin mo." Ang sabi ko, "Tunay ngang di ka maniniwala. Hindi ka maaaring maniwala." Kita n'yo? 164 Ang sabi niya, "Bulagin mo ako." Ang sabi pa, "Kung nasa iyo ang Espiritu Santo katulad ni Pablo," aniya, "bulagin mo ako." 165 Ang sabi ko, "Paano ko gagawin iyon samantalang bulag ka na?" Ika ko, "Binulag ka ng iyong ama sa Katotohanan." Ang sabi ko, "Bulag ka na." 166 At ang sabi niya, "Hindi ako maniniwala; wala akong pakialam kung ano'ng magagawa mo, gaano man karaming ebidensya ang mapapatunayan mo o anumang tulad niyon; hindi pa rin ako naniniwala ro'n."

Ang sabi ko, "Tunay nga, hindi ito para sa mga di mananampalataya; ito ay para lamang sa mga mananampalataya."

58 Ano iyon? Kita n'yo, alam mo na kaagad na wala ang pagkahirang. Huwag mo na lang pakialaman 'yon. Ganun din ang ginawa ni Jesus. Ang sabi Niya, "Hayaan n'yo sila. Kung pinangungunahan ng bulag ang mga bulag, hindi ba't lahat sila'y mahuhulog sa hukay?" Ngunit nang maparoon Siya sa isang patotot, sumindi 'yon. Ano 'yon? May isang hinirang na binhing nakahimlay do'n (Kita n'yo?) na kaagad na nakakita niyon. 169 Pagdating kay Pedro, may isang hinirang na binhing nakahimlay do'n, kita n'yo, at nakita nila 'yon, "At lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama… ipinagkaloob (nakaraan na) sa Akin, ay magsisilapit. Magsisilapit sila sa Akin." Ay, naku, gustung-gusto ko iyon. Opo. Pansinin n'yo, ang mga mananampalataya ay talagang sumasampalataya ro'n. 170 Ang mga di mananampalataya ay di makasampalataya ro'n. Kaya ngayon, kung may sinumang nais na makipagtalo tungkol sa binhi ng serpente at iba pang mga bagay at kung susubukan n'yong ipakita sa kanila, di nila ito pakikinggan, lalayo na lang sila. Hayaan n'yo na lang sila. Kita n'yo, hindi nakikipagtalo ang Diyos, ganun ang Kaniyang mga anak.

59 Pansinin n'yo, ang hinirang na sandaan at apatnapu't apat na libong mga Judio ay hindi yuyukod sa hayop, sa kaniyang denominasyonalismo, mga istatuwa, o anuman. Bagama't ang bansa nila ay may pakikipagtipanan do'n sa panahong iyon, ang Israel ay nasa pakikipagtipan ngunit mayroon sandaan at apatnapu't apat na libong di makikipagtipan. Iyon ang hinirang. 172 Ganun din ngayon dito sa iglesiang Hentil. Ito'y isang hinirang na lupon. Hindi mo sila maaaring hilahin sa gayong uri ng bagay. Hindi nila iyon paniniwalaan. Hindi po. Minsan nang tinamaan sila ng Liwanag, tapos na iyon do'n. Nakita nila itong naganap at nakita nila itong nabindika at napatunayan nang gayon, at tumitingin sila rito sa Biblia at nakikita nilang ang Salita ay sadyang… Oh, mas mabuti pa sigurong hayaan mo na lang sila, sapagkat pinaniniwalaan nila 'yon. Iyon lang. iyon lang. Bagama't di nila iyon maipaliwanag, ngunit alam nilang taglay na nila iyon. Ako'y… Tulad ng sinasabi ko, "Maraming mga bagay ang di ko mapaliwanag, ngunit alam ko pa rin na ang mga iyon ay tunay."

60 Sige. Sa panahong ito na nasa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Tatak ay tinawag Niya ang mga taong ito, na binanggit ni Jesus sa Mateo 24:31, na kababasa lang natin. Kita n'yo? Ang mga trumpetang naririto, o ang dalawang saksi ng… Pagtunog ng trumpeta, trumpeta ba iyon ng dalawang

saksi ng kapanahunan ng biyaya para sa mga Judio? Isang trumpeta ang tutunog; napansin n'yo ba, isang trumpeta ang tutunog. Ang sabi Niya, "At hipan n'yo ang trumpeta." Ngayon, pansinin n'yo rito: ika-31. At susuguin ang kaniyang mga anghel… (hindi isa, kita n'yo, dalawa sila)… na may matinding pakakak,… 174 Ano iyon? Kapag naghandang mangusap ang Diyos, mayroong pagtunog ng trumpeta. Sa tuwina iyon ay ang tinig Niya na nananawagan sa pakikipagbaka. Kita n'yo? Mangungusap ang Diyos. Ang mga anghel na ito ay magsisidating na may pagtunog ng trumpeta. 175 At mapapansin n'yo, sa mensahe

ng huling mensahero may trumpetang tumunog: sa mensahe ng unang anghel, may trumpetang tumunog; ang ikalawang anghel, may trumpetang tumunog nang isugo niya iyon.

61 Pansinin n'yo, ngunit nang ianunsyo ang mga Tatak, silang lahat ay nasa isang dakilang Makalangit na bagay upang tawagin ang isang lupon ng mga tao. May isang trumpetang tumunog at Pitong Tatak ang nabuksan. 177 Pansinin n'yo, titipunin Niya ang Kaniyang hinirang na mga Judio mula sa apat na sulok ng kalangitan… Binanggit Niya ang anim na Tatak tulad ng ating nakita, ngunit hindi ang Ikapitong Tatak. 178 Wala Siyang anumang sinabi rito tungkol sa Ikapitong Tatak. Kita n'yo, bigla na lamang, sa ika-32 talata naging isa itong talinghaga tungkol sa pagtawag sa mga hinirang na Judio.

62 Ngayon, masdan n'yo rito. Kita n'yo? "At susuguin Niya ang Kaniyang mga anghel na may matinding pakakak, at kanilang titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin ng sanglibutan." 180 Ngayon, nagsimula Siya. Kita n'yo, wala Siyang sinasabing anuman tungkol sa Ikapitong Tatak dito. Kita n'yo? 181 Nangusap Siya tungkol sa Ikaanim na Tatak: Una, Ikalawa, Ikatlo, Ikaapat, Ikalima, at Ikaanim, ngunit pansinin n'yo. Sa puno ng igos nga ay pagaralan ninyo ang kaniyang talinghaga; pagka nananariwa ang kaniyang mga sanga, at sumusupling ang mga dahon, ay nalalaman ninyo na malapit na ang tag-araw; Gayon din naman kayo, pagka nangakita ninyo ang lahat ng mga bagay na ito, ay talastasin ninyo na siya'y malapit na, nasa mga pintuan nga.

63 Ang huling katanungan na itinanong nila sa Kaniya: "At ano ang magiging tanda ng katapusan ng mundo?" Kapag nakita n'yo ang mga Judiong ito… Kapag nakita n'yo nang nagaganap ang iba pang mga bagay na

ito na nagaganap, alam n'yo kung ano na ang mangyayari. Ngayon, kapag nakita n'yo ang mga Judiong ito… Mga Judio ang kausap Niya… 183 Ngayon, masdan n'yo. Sa anong lupon Siya nangungusap? Sa mga Hentil? Sa mga Judio, mga Judio? Kita n'yo? Ngayon, ang sabi Niya, "Kayo'y kamumuhian ng lahat ng mga bansa dahil sa Aking Pangalan," at iba pang tulad ng… Ngayon, nang sabihin Niya… 184 Nakikita n'yo ang mga Judiong ito na nag-uumpisa nang magsupling ng kanilang mga dahon doon, kapag nagsimula nang magbalik ang Israel, papasok sa kaniyang bansa, pagdating Niya ro'n, ang Iglesia ay handa nang maagaw, at mayroon na lang tatlo at kalahating taong natitira hanggang sa katapusan ng sanlibutan, at siya'y masasadlak sa mga kaguluhan, at mag-uumpisa ang milenyo hangang sa bagong lupa. Ang sabi, "Nasa pintuan nga."

64 Ngayon, ang isang libong taon sa lupa ay isa lamang araw sa Diyos. At ang tatlo at kalahating taon, gaano lang iyon? 186 Mga ilang segundo sa oras ng Diyos. Iyon ang dahilan kaya Niya sinabi, "Ito ay nasa pintuan na." "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na hindi mauubos ang lahing ito (malilipol ang bayang ito) hanggang sa ang lahat ng mga bagay na ito ay…" Ano? Ano ang hindi malilipol? Sinubukan nilang utasin ang mga Judio sa ibabaw ng lupa mula pa noon. Hindi nila iyon kailan man magagawa. 187 Ngunit pansinin n'yo, ang pinaka henerasyon ng mga Judio na nakakita ng pagbabalik sa Palestina, makikita ng henerasyong iyon ang kaganapan ng mga bagay na ito. At nito lamang nakaraang dalawang taon ay naging ganap na siyang bansa na may sariling pananalapi at kung ano pa. Hayan na siya.

65 Ngayon, nasaan na tayo, mga kaibigan? Ang mga Tatak at lahat na ay nagbubukas na, ngayon kinukuha natin itong nasa pagitang ito. Hayan na nga. Kita n'yo kung saan na tayo naroroon? Sana ay nakukuha n'yo. 189 Wala akong pinag-aralan. At alam ko kung anong sinasabi ko, ngunit marahil ay hindi ko magawang maipaliwanag upang magkaroon ng saysay sa inyo. Ngunit umaasa akong kukunin ng Diyos ang mga nagkahalo-halong salita at pagputul-putulin Niya nang tama (Nakikita n'yo?), at ipaalam sa inyo kung ano ba iyon, sapagkat tayo'y nasa pintuan na. Narito na tayo sa panahong iyon. 190 Ngayon, pansinin n'yo. Kita n'yo, mabilisan Siyang babaling sa mga Judio, at sinasabi Niya kung anong mangyayari sa huling panahon. 191 Alam natin maging ang… Ngayon alam na natin; alam nating lahat na ang mga angkang ito ay nagpangalat. Ganun na sila sa loob dalawampu't

limang daang taon. Naihulang sila ay magpapangalat sa apat na hangin. Alam n'yo ba iyon? Alam natin iyon. Anopa't di na natin kailangang balikan iyon, sapagkat mayroon akong isang napakahalagang bagay dito na nais kong makita n'yo bago pa kayo mapagod nang husto at mapagal.

66 Pansinin n'yo, alam natin na maging ang bawat angkan—ang pagkakasunod-sunod ng mga angkan o kung anuman ang tawag n'yo ro'n, o ang geology o… Ang mga posisyon ng mga angkan ay wala na sa kaayusan. Nagpangalat sila sa lahat ng dako. Ang mga Judiong nag-iipon ipon sa Jerusalem ay hindi… Ni hindi na nila alam ang kanilang angkan. Wala na silang watawat ng kanilang mga tribo o anuman. Ang alam lang nila ay sila'y mga Judio. Nakahulang sila'y magkakagayon sa buong mundo. 193 Ngayon, ang kanilang mga aklat ay nasira na. Hindi nila alam… Ang sabi nila, "Taga saang tribo ka ba?" "Hindi ko alam." "Ano'ng tribo…" 194 "Ewan ko." May taga Benjamin, may taga-ganito, at may taga-ganiyan. Hindi nila alam kung saan sila nabibilang. Ang mga talaan nila ay nasira sa mga nagdaang giyera, at sa loob ng dalawampu't limang daang taon… 195 Ang tanging nalalaman nila ay mga Judio sila. Iyon lang. kaya't alam nilang sila'y nakabalik na sa kanilang lupang tinubuan. Sila ay kailangan pang… Pansinin n'yo, bagama't di nila alam ang kanilang mga tribo, alam iyon ng Diyos. Sadyang gustung-gusto ko iyon. Alam

n'yo, sinabi pa nga Niya na bilang maging ang bawat buhok na nasa inyong ulo. Hm. 196 Pansinin n'yo, walang mawawala sa Kaniyang anuman. "Babangunin ko iyong muli sa huling araw." Bagama't naiwala nila ang mga watawat ng kanilang mga tribo at ang kanilang—kung alin ba ang sino, at kung sila ba ay ganito o ganiyan… Hindi nila alam kung sila ba ay taga Benjamin, o kung sila ba ay taga Ruben, o taga Isachar, o kung taga saan ba sila. Ngunit ganunpaman, tatawagin sila ng Diyos dito.

67 Ngayon, pansinin n'yo sa Apocalipsis 7 ay mababasa natin ang ganito: labindalawang libo mula sa bawat tribo. Ang mga hinirang mula sa lahat ng mga iyon, mayroong labindalawang libo mula sa bawat tribo na hinirang at dito ay pinagsunod-sunod. Ano ang mapapasa-kaayusang ito ng mga tribo? Hindi ang karaniwang Judio; hindi, kundi ang mga hinirang, ang sandaan at apatnapu't apat na libo ang maipupuwesto sa kaayusan ng mga tribo. 198 Ay, naku. Gustung-gusto kong ipakita sa inyo. Hindi na tayo tutungo ro'n, ngunit ganiyang-ganiyan nga dapat ang maging kalagayan ng Iglesia.

68 Ngayon, nais kong pagmasdan n'yong maigi at samahan n'yo ako sa pagbasa sandali. Ngayon, narito ang isang bagay na marahil ay di n'yo napansin sa pagbabanggit sa mga tribo. Sinabi ko sa inyo kanina na inyong basahin ang Apocalipsis 7. Samahan n'yo ako sa pagbasa at masdan n'yo ang mga tribong iyon. 200 Sa Apocalipsis 7 sina Dan at Ephraim ay nawawala at di napabilang sa kanila. Napansin n'yo ba iyon? Sina Jose at Levi ang ipinalit sa kanilang lugar. Napansin n'yo ba 'yon? Wala sina Dan at Ephraim do'n. Wala po. Ngunit sina Jose at Levi ang ipinalit sa lugar nina Dan at Ephraim. Bakit? Naalala ng Diyos na laging nakaaalala ang bawat pangako ng Kaniyang Salita. (Oh, nais kong mangaral tungkol diyan. Kita n'yo?) Hindi nakalilimutan ng Diyos ang anumang bagay, bagama't parang ganun. 201 Tulad ng sinabi Niya kay Moises, apat na raang taon nang naroroon ang Israel, kailangan na nilang umahon sa panahong iyon. Sinabi Niya kay Abraham na ang kaniyang binhi ay makikipamayan sa isang banyagang lupain sa loob ng apat na raang taon, pagkatapos ay ilalabas Niya sila sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay. 202 Ngunit sinabi Niya kay Moises, "Naalala ko ang Aking pangako, at bumaba Ako upang tuparin ang Aking sinabi." Hindi nakalilimot ang Diyos. Hindi Niya nakalilimutan ang Kaniyang mga sumpa, maging ang Kaniyang mga pagpapala. Ngunit nananatili Siya sa bawat pangako na ginawa Niya.

Kung bakit nila ito nakaligtaan. Narito..

69 Ngayon, kung mamasdan n'yo. Ngayon, basahin n'yo… Nais kong samahan n'yo akong bumasa ngayon. Pumunta tayo sa ika-29 talata ng Deuteronomio, sa ika-29 kabanata, ang ibig kong sabihin. Mayroong dahilan kung bakit wala roon ang mga tribong ito. Ang bawat bagay ay may dahilan. Deuteronomio, nais nating kunin ang ika-29 kabanata ng Deuteronomy. Ngayon, tulungan nawa tayo ng Panginoon upang maunawaan natin. 204 Ngayon, nais nating magsimula sa ika-29 na kabanata ng Deuteronomio at sa ika-16 na talata. Ngayon, makinig kayo, si Moises ang nagsasalita. Sapagka't talastas ninyo kung paanong tumahan tayo sa lupain ng Egipto; at kung paanong tayo'y pumasok sa gitna ng mga bansang inyong dinaanan; At inyong nakita ang kanilang karumaldumal, at ang kanilang mga idolo, na kahoy at bato, pilak at ginto na nasa gitna nila:… (Ang bawat isa ay may bitbit na isang munting bagay o isang istatuwa ni San Cecilia. Alam n'yo na, parang ganun. Kita n'yo.) Baka magkaroon sa gitna ninyo ng lalake, o babae, o angkan, o lipi, na ang puso'y humiwalay sa araw na ito, sa Panginoon nating Dios, na yumaong

maglingkod sa mga dios ng mga bansang yaon; baka mgakaroon sa gitna ninyo ng isang ugat na nagbubunga ng nakakalason at ng ajenjo; At mangyari na pagka kaniyang narinig ang mga salita ng sumpang ito, na kaniyang basbasan ang kaniyang sarili sa kaniyang puso, na magsabi, Ako'y magkakaroon ng kapayapaan, bagaman ako'y lumalakad sa pagmamatigas ng aking puso,…

70 Kita n'yo, ang sabi ng mga tao, "Ay, binabasbasan niya ang kaniyang sarili." 206 Alam n'yo na, gumagawa sila ng isang maliit na krus o ng isang bagay katulad ng ginagawa nila ngayon (Kita n'yo?), ganun din. 207 Kita n'yo? At… Nakikita n'yo ba, isa itong katangiang hiteno (Kita n'yo?), mga hiteno iyon. "Binabasbasan niya ang kaniyang sarili sa kaniyang sariling puso, sa kaniyang sariling imahinasyon, sa kaniyang sariling pag-iisip. … upang itakip ang paglalasing sa kauhawan… (Uminom lang kayo, ang sabi, "Walang anuman iyan; basta't nagsisimba kayo, ayos lang kayo. Kung gayon…) Ay hindi siya patatawarin ng Panginoon, kundi ang galit nga ng Panginoon at ang kaniyang paninibugho ay maguusok laban sa taong yaon, at ang lahat ng sumpa na nasusulat sa aklat na ito… (Huwag mong bawasan ng isang salita o dagdagan man. Kita n'yo?)… ay hihilig sa kaniya, at papawiin ng Panginoon ang kaniyang pangalan sa silong ng langit… (Iyon ay habang naririto siya sa ibabaw ng lupa. Kita n'yo?)… sa silong ng langit. At ihihiwalay siya ng Panginoon sa lahat ng mga lipi sa Israel sa kasamaan, ayon sa lahat ng mga sumpa ng tipan na nasusulat sa aklat na ito ng kautusan:

71 Samakatuwid, kung maglilingkod ang sinumang tao sa isang diyosdiyosan o mag-iingat ng diyos-diyosan, magbabasbas sa kaniyang sarili sa imahinasyon ng kaniyang sariling pag-iisip at maglilingkod sa mga diyosdiyosan, ang sabi ng Diyos, "Lalaki, babae, lipi, o angkan, ang pangalan niya ay lubos na aalisin sa kalagitnaan ng mga tao." 209 Ngayon, tama ba? Totoong-totoo. Ganun din ang ginawa ng pagsamba sa diyos-diyosan sa iglesia maraming taon na ang nakararaan at ganun din ngayon. 210 At ngayon, pansinin n'yo. Masdan n'yo kung papaanong sumubok na gumawa ang anticristo ng isang salungat na

pagkilos. Ilan ang nakaaalam na ang demonyo ay tumutulad at gumagaya sa mga bagay ng Diyos? Ano ang kasalanan? Ito ay isang tamang bagay na binaluktot. Ano ang isang

kasinungalingan? Ito'y isang katotohang prinisinta sa maling paraan. Ano ang pangangalunya? Isa itong tamang gawa, legal na gawa, na isinagawa nang mali. Kita n'yo?

72 Ngayon, sa pagsisikap na gawin ito, ang pagbura ng isang pangalan, napansin n'yo ba sa kapanahunan ng iglesia, ang hayop na naglilingkod sa mga imahe ng mga taong patay at iba pa, ay sumubok na mag-alis ng Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo at magbigay ng mga titulong Ama, Anak, at Espiritu Santo. 212 Pareho rin na may gayon ding sumpa sa likod nito. Ganun mismo ang ginawa nina Dan at Ephraim sa ilalim ng isang ipokritong hari sa Israel, isang impostor, si Jeroboam. 213 Ngayon, pansinin n'yo, sa ika-12 kabanata ng I Mga Hari. Alam kong tayo'y… Ito, sa akin—inilalatag nito ang isang background tungkol sa kung anong maaari nating saligan, kung ano'ng nakikita natin. Sa I Mga Hari, nais kong magtungo sa ika-12 kabanata, sa ika-25 hanggang sa ika-30 talata. Nang magkagayo'y itinayo ni Jeroboam ang Sichem sa lupaing maburol ng Ephraim, at tumahan doon; at siya'y umalis mula roon, at itinayo ang Penuel. At sinabi ni Jeroboam sa kaniyang (puso) sarili…, (Kita n'yo, sa imahinasyon ng kaniyang puso?)… Ngayo'y mababalik ang kaharian sa sangbahayan ni David: (Natatakot siya, mangyari kasi, baka umalis ang mga tao.) Kung ang bayang ito ay umahon upang maghandog ng mga hain sa bahay ng Panginoon sa Jerusalem, ang puso nga ng bayang ito ay mababalik sa kanilang panginoon, sa makatuwid baga'y kay Roboam na hari sa Juda. Kaya't ang hari ay kumuhang payo, at gumawa ng dalawang guyang ginto; at sinabi niya sa kanila, Mahirap sa inyo na magsiahon sa Jerusalem; tingnan mo ang iyong mga dios, Oh Israel, na iniahon ka mula sa lupain ng Egipto. At inilagay niya ang isa sa Bethel, at ang isa'y inilagay sa Dan. At ang bagay na ito ay naging kasalanan: sapagka't ang bayan ay umahon upang sumamba sa harap ng isa, hanggang sa Dan.

73 Kita n'yo? Si Ephraim sa Bethel, at si Dan; at nagtayo sila ng mga diyos-diyosan, at ang mga ito ay humayo upang sumamba dito. 215 At dito ay humantong na tayo halos sa milenyo, at naalala pa rin ng Diyos ang kasalanang iyon. Ni hindi sila ibinilang doon. Amen. Luwalhati.

Singtiyak na naaalala Niya ang bawat mabuting pangako, naaalala Niya rin ang bawat masama. 216 Alalahanin n'yo lang na nang… Iyan ang dahilan na ako ay sumasampalataya, mga kaibigan; palagi akong nagsisikap na manatili sa Salitang iyan kahit na parang napakakakatuwa nito. 217 Kita n'yo, ngayon, di nila iisipin iyon noon. Hindi nila iyon inisip noon. Akala nila, "Buweno, natakasan nila iyon." 218 Sige, ngunit dito ay papasok na sila ng milenyo, nang ang mga pangalan nila at ng kanilang mga angkan ay inalis dahil sila ay naglingkod sa mga diyos-diyosan na isinumpa ng Diyos. Hindi ba't sinabi Niya na namumuhi Siya sa mga Nicolaitanes at sa Jezabel na iyon? Layuan n'yo iyon. 219 Di ba't sinabi Niya na papatayin Niya ang mga anak na babae ni Jezabel sa pamamagitan ng pagpatay ng kamatayan na walang iba kundi eternal na pagkahiwalay sa Kaniyang Presensya? Huwag na huwag n'yo iyong pagtiwalaan. Layuan n'yo iyon. Samakatuwid naaalala ng Diyos.

74 Pansinin n'yo. Ngunit napansin n'yo ba rito, na iyon ay nakatakdang mabura? Bakit? Walang malapit na hain sa silong ng langit na maaaring magbigay sa kaniya ng Espiritu Santo upang magpaunawa sa kaniya ng mga bagay na ito, ngunit ginawa niya pa rin iyon sa makasarili niyang pag-iisip. 221 Ngunit si Ezekiel, sa kaniyang pangitain tungkol sa milenyo, ay nakita sila muling nasa ganap na kaayusan: sa Ezekiel, kung nais n'yong basahin ito. Isulat n'yo na lang at maaari n'yo itong basahin upang makatipid tayo ng panahon: Ezekiel 48:1-7, basahin n'yo rin ang ika-23 hanggang ika-29. Nakita ni Ezekiel ang bawat tribo sa ganap na kaayusan nito.

75 Sige. At ganun din sa Apocalipsis 14, nakita sila ulit ni Juan sa kaayusan ng mga tribo. Tama. Ang bawat tribo ay nasa kaniyang lugar. Ano'ng nangyari? Alalahanin n'yo, ang sabi niya, "sa silong ng langit," ang kaniyang pangalan ay maaalis sa mga kaganapang ukol sa mga tribo. Habang siya ay nasa silong ng langit, mawawala na ito, at ang sandaan at apatnapu't apat na libong ito ay narito pa sa rin sa bahagi ng mga tribo. Tama. Ngunit nakikita n'yo ba, sila'y binulag; ang nasa kanila lang ay mga haing toro at kambing. Kita n'yo. 223 Ngayon, pansinin n'yo, binura Niya sila sa silong ng langit. Ngunit ang Hentil sa panahon ng Espiritu Santo, kapag Iyon ay sinalungat mo, ang pangalan mo ay lubusang aalisin sa Aklat ng Buhay, at hindi na mapapatawad sa mundong ito o sa darating. Tama ba 'yon?

Ngayon, diyan tayo nakatayo. Ang Israel na nasa ilalim ng mga kambing, tupa, ay mayroong lugar, habang sila ay narito sa ibabaw ng lupa, may mga tribo silang nawawala. Hindi sila maaaring maisama.

76 Ngayon, lahat… Nang tawagin Niya roon ang sandaan at apatnapu't apat na libo, sila ay nawawala. Tama. Ni hindi sila kabilang doon. At sina Jose at Levi ay inilagay kapalit nina Dan at Ephraim. Ngayon, puwede n'yo iyong tignan; nandiyan iyon sa inyong harapan. Kita n'yo? At narito ang pangako ng Diyos daan-daang taon bago pa iyon maganap. 226 Ngayon, ano'ng nangyari? Sila ay nilinis sa matinding panahon ng kapighatiang ito. Ngayon, kung lilinisin ng Diyos ang birheng iyon na isang mabuting babae, ngunit di lang nakapagkarga ng langis sa kaniyang ilawan, at lilinisin Niya sila sa pag-uusig na iyon, ilalagay Niya rin ang mga tribong iyon doon sa kaparehong kadahilanan, at lilinisin sila sa panahon ng

kapighatian, dahil iyon ay isang paglilinis; iyo'y paghatol. Ngunit, nakikita n'yo ba, sila, matapos na…

77 At tignan n'yo ito. Lumabas ang sandaan at apatnapu't apat na libo pagkatapos ng paglilinis sa Israel, lumabas rin ang… Lumabas ang natutulog na birhen na nalinis at nakasuot ng puting balabal. Kita n'yo? Gaano kasakdal, gaano kaganda 'yon. 228 Tulad ni Jacob sa panahon ng kabagabagan… Kita n'yo? Sila'y… Si Jacob sa panahon ng kabagaban ay nakagawa ng pagkakamali, ngunit dumaan siya sa panahon ng paglilinis dahil ganawan niya ng mali ang kaniyang kapatid na si Esau. Kita n'yo? Nandaya siya upang makuha ang kaniyang pagkapanganay. Ngunit dumaan siya sa paglilinis bago napalitan ang kaniyang pangalan na Jacob at naging Israel, na isang tipo ng pagkakasunodsunod ng tipo ng Diyos sa araw na ito.

78 Ngayon, pupunta na tayo sa ika-8 talata—o sa unang talata pala, ng ika8 kabanata, ng Apocalipsis, 8:1. (Alam kong pagod na kayo. Ngayon, sikapin n'yo lang na makinig sa loob ng ilang sandali pa. At tulungan nawa tayo ng Diyos ng kalangitan ang aking panalangin.) Dapat nating tandaan na ang Ikapitong Tatak na ito ay ang katapusan ng lahat ng mga bagay. Ang mga bagay na nakasulat sa Aklat na may Pitong Tatak (tinatakan na plano ng katubusan bago pa itatag ang sanlibutan), ay matatapos nang lahat. Ito na ang katapusan; ito na ang katapusan ng naghihirap na daigdig. 230 Ito na ang katapusan ng naghihirap na kalikasan. Ito na ang katapusan ng lahat ng bagay. Napapaloob doon ang katapusan ng mga trumpeta. Ito ang katapusan ng mga mangkok. Ito ang katapusan ng lupa. Katapusan na ito maging ng panahon. Mauubos na ang panahon; ang Biblia ang nagsabi nito.

Sa Mateo 7—ang ibig kong sabihin ay Apocalipsis 10 mula una hanggang ika-7 talata. Ang panahon ay mauubos na. 232 Ang sabi ng nghel, "Ang panahon ay di na magluluwat," kapag naganap na ang dakilang bagay na ito. Ang lahat ay matatapos na sa pagkakataong ito, sa dulo ng Ikapitong Tatak na ito.

79 Pansinin n'yo, katapusan na ito ng kapanahunan ng iglesia. Katapusan na ito ng Pitong Tatak. Katapusan na ito ng mga trumpeta. Katapusan na ito ng mga mangkok, at tatapusin nito maging ang pagpasok ng milenyo; 'yan ay nasa Ikapitong Tatak. 234 Para itong pagpapaputok ng rocket sa himpapawid, at ang rocket na iyon ay sasabog dito, at aakyat, at muling sasabog. Maglalabas ito ng limang kislap. Isa sa mga kislap na iyon ay sasabog at maglalabas ng lima pang kislap; at pagkatapos isa sa mga kislap na iyon ay sasabog, maglalabas ulit ng limang kislap (Kita n'yo?); ito'y maglalaho. 235 Ganun ang Ikapitong Tatak; sadyang tatapusin nito ang panahon para sa sanlibutan. Tatapusin nito ang panahon para sa ganito. Tatapusin nito ang panahon para sa ganiyan. Tatapusin nito ang panahong para sa ganito. Tatapusin nito ang panahon… Ang lahat ay sadyang matatapos sa Ikapitong Tatak.

80 Ngayon, papaano Niya iyon gagawin? Iyon ang di natin alam, di ba? Hindi natin alam. Panahon pa nga ito para sa lahat ng mga bagay na ito, at pati na ang pagpasok ng milenyo. 237 Pansinin n'yo, napakadakila ng pabubukas ng Tatak na ito na pinatahimik nito ang kalangitan sa loob ng kalahating oras. 238 Ngayon, dakila ba ito? Ano iyon? Pinatahimik: ang langit. Wala isa mang bagay na kumilos sa loob ng kalahating oras. 239 Ngayon, ang kalahating oras marahil ay di mahaba kung nasisiyahan kayo, ngunit kung nakabitin ka sa pagitan ng buhay at kamatayan, parang isa itong milenyo. Napakadakila nito, hindi ito binanggit ni Jesus: hindi ng iba pa sa kanila. 240 Ni hindi magawang isulat ni Juan ang tungkol dito. Hindi, binagbawalan siyang sumulat tungkol dito. Kita n'yo, sadyang mayroong… Kaniya lamang… Hindi niya isinulat, ngunit sadyang katahimikan ito.

81 At ang dalawampu't apat na matatanda na nakatayo sa harapan ng Diyos na umiihip ng kanilang mga plauta ay tumigil sa pag-ihip sa mga ito. 242 Itinigil ng mga anghel ang kanilang pag-awit sa langit. Isipin n'yo, ang mga banal na Kerubim at Serafim, na nakita ni Isaias sa templo na may anim

na pares na… o tatlong pares na pakpak, dalawa na nakatakip sa kaniyang mukha at dalawa na nakatakip sa kaniyang mga paa, at lumilipad. At araw at gabi sila ay nasa harapan ng Diyos, na nagsasabi, "Banal, banal, banal, ang Panginoong Makapangyarihan sa Lahat." At nang pumasok sila sa templo, ang mga haligi nito ay nakilos dahil sa kanilang presensya. At ang mga banal na Serafim na ito ay tumahimik. Tumigil sa pag-awit ang mga anghel. (Whew.) Lumilipad sila sa Presensya ng Diyos, na umaawit ng, "Banal, banal, banal..." nagsitahimik sila. 243 Walang mga anghel na nag-aawitan, walang nagpupuri, walang paglilingkod sa dambana, walang anuman. Nagkaroon ng katahimikan, pagtahimik, nakamamatay na katahimikan sa kalangitan sa loob ng kalahating oras. 244 Lahat ng hukbo ng kalangitan ay nanahimik sa loob ng kalahating oras na ito, nang mabuksan ang Ikapitong Tatak ng hiwagang ito sa Aklat ng Apocalipsis. Isipin n'yo; ngunit ito'y nabuksan na. Binuksan ito ng Cordero. Alam n'yo kung ano 'yon? Namangha sila dito, sa paniwala ko. Hindi nila alam na ganun. Biglang hayun na; sadyang napahinto sila. Bakit? Ano iyon?

82 Ngayon, wala sa ating nakaaalam; ngunit sasabihin ko sa inyo ang kapahayagan ko rito. At ngayon, hindi ako madaling magpakapanatiko. Kung ganun man ako, di ko iyon namamalayan. Kita n'yo? 246 Hindi ako mahilig sa mga kahinahinala o mga pagwawala o mga hakahakang bagay. Nakapagsabi ako ng mga bagay na marahil ay medyo kakatuwa sa ilang mga tao, ngunit kapag dumarating ang Diyos at

nagbibindika at sinasabi Niyang ito ang Katotohanan, kung magkagayo'y Salita iyon ng Diyos. Maaaring tila kakatuwa iyon sa gayong paraan. Kita n'yo? 247 At ngayon, singtiyak ng pagkakatayo ko ngayong gabi sa plataporma, nagkaroon ako ng kapahayagan na inihayag… Nasa tatlo itong kaparaanan. Sasabihin ko sa inyo ang isang lupi niyon sa tulong ng Diyos. At pagkatapos inyong… Puntahan muna natin iyon. Narito ang kapahayagan upang pasimulan ang… 248 Nais kong sabihin sa inyo kung ano iyon. Mangyari ang pitong kulog na iyon na narinig niyang umugong na ipinagbawal sa kaniyang isulat, iyon ang hiwaga na nasa likod ng pitong magkakasunod na kulog na dumagundong.

83 Ngayon, bakit? Patunayan natin iyon. Bakit? Iyon ang lihim na di nalalaman ninuman. Pinagbawalan si Juan na isulat ang tungkol doon, maging ang magsulat man lamang ng simbulo nito. Bakit?

Ito ang dahilan kaya walang pagkilos na naganap sa langit; baka mabisto ang lihim. Nauunawaan n'yo na ba ngayon? Kung napakadakila nito dapat itong maisama, sapagkat mangyayari't mangyayari ito, ngunit nang ang pitong kulog ay… 251 Ngayon, pansinin n'yo, nang dumating ang pitong anghel upang imihip ng kanilang mga trumpeta, tig-iisa lang pag-ihip ng trumpeta ang ginawa nila. Nang tipunin ang Israel, may isa lamang trumpeta. Kapag ang panahon ay di na magluluwat, ang huling trumpeta… Isang kulog, ngunit narito ang pitong magkakasunod na kulog: isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, ang sakdal na bilang na iyon. 252 Pitong kulog na magkakasunod, hindi nangusap… lumikha ng isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pitong sunod-sunod. Nang magkagayo'y di iyon maisulat ng kalangitan. Hindi iyon maaaring malaman ng kalangitan, o ng anupamang bagay, sapagkat wala nang anumang maaaring makapagpatuloy. Isa iyong panahon ng pananahimik. Napakadakila niyon na iyon ay inilihim sa mga Anghel. Ngayon, bakit? 253 Kung mahahawakan ito ni Satanas, maaaring makagawa siya ng malaking pinsala. Iyan ang isang bagay na di niya alam. Ngayon, maaari niyang bigyan ng kahulugan anumang nais niya, at gayahin anumang uri ng kaloob (Umaasa ako na natututo kayo.), ngunit hindi niya ito maaaring malaman. Ni hindi ito nakasulat sa Salita. Isa itong ganap na lihim. 254 Ang mga Anghel, ang lahat ay nanahimik. Kung kumilos sila kahit minsan lang maaaring maglantad ito ng isang bagay, kaya't sila'y nanahimik na lang, tumigil sila sa pagtugtog ng alpa; ang lahat ay tumigil. Isang…

84 Pito, sakdal na bilang ng Diyos, Pitong [Tumuktok ng anim na beses si Brother Branham sa pulpito—Ed.] magkakasunod. Pitong kulog ang magkakasunod na tumunog na para pang nagbabaybay ng isang bagay. 256 Pansinin n'yo, sa pagkakataong iyon, nagsimula nang magsulat si Juan, at ang sabi Niya, "Huwag mong isulat." Hindi ito binanggit ni Jesus. Hindi ito nagawang isulat ni Juan. Walang kaalam-alam ang mga Anghel tungkol dito. Ano iyon? Ito 'yung bagay na sinabi ni Jesus na di nalalaman maging ng mga Anghel. Kita n'yo, kita n'yo? 257 Siya mismo ay di nakaaalam nito, aniya Diyos lang ang makaaalam, ngunit sinabi Niya sa atin na kapag nag-umpisa na nating makita ang mga tandang ito na lumilitaw… (Ngayon, may nararating ba kayo? Sige.) Pansinin n'yo, nakikita na nating lumilitaw ang mga tandang ito. Kita n'yo? Kung mahahawakan lang ito ni Satanas…

85 Kung mayroon kayong nais na mangyari… Ngayon, kakailanganin n'yong tanggapin ang sinasabi ko para dito. Kung may binabalak akong gawin, alam kong makabubuting huwag ko itong sabihin kaninuman. 259 Hindi dahil sa sasabihin ito ng taong iyon, kundi maririnig iyon ni Satanas. Kita n'yo? Hindi niya iyon makukuha sa aking puso, habang nakakubli iyon sa pamamagitan ng Espiritu Santo, kaya't iyon ay sa amin lang ng Diyos. Kita n'yo? Wala siyang alam do'n malibang sabihin mo, at iyon ay maririnig niya. At kapag sinasabi ko sa mga tao na gagawa ako ng ganito at ganiyang bagay, masdan mo't pupudpurin ng demonyo ang bawat gulong na kaya niyang pupudrin (Kita n'yo?) upang maunahan niya ako ro'n. Ngunit kung makukuha ko ang kapahayagan sa Diyos at di ako magsasabi ng anuman tungkol dito, iba iyon. 260 Alalahanin n'yo, susubukan ni Satanas na manggaya. Susubukan niyang gayahin ang lahat ng gagawin ng Iglesia. Sinubukan na niyang gawin iyon. Napansin natin iyon sa anticristo; ngunit ito ang isang bagay na di niya kayang gayahin. Hindi magkakaroon ng pangagaya nito (Kita n'yo?), dahil hindi niya ito nalalaman. Walang paraan upang malaman niya ito. Ito ang ikatlong hatak. Sadyang wala siyang kaalam-alam tungkol dito. Kita n'yo? Hindi niya ito nauunawaan.

86 [Nung una ay pinahinto ng propeta ang tape sa bandang ito. Nagsingit siya ng ibang pagtatapos, na inirecord niya kina-Lunisan ng umaga, at ito ay nagsimula sa paragraph 376—Ed.] Ngunit may lihim na nakatago diyan. Luwalhati sa Diyos na nasa kataas-taasan. Di na ako maaaring mag-isip pa tulad ng dati buong buhay ko, nang makita ko… 262 Ngayon, hindi ko alam kung anong… Alam ko ang kasunod na hakbang doon, ngunit hindi ko alam kung ano, kung papaanong ipaliwanag iyon. Hindi na magtatagal. Isinulat ko rito nang mangyari iyon, kung makikita n'yo, "HINTO! Huwag ka nang lalampas dito." 263 Hindi ako mahilig magpaka-panatiko. Sinasabi ko lang ang katotohan. Ngunit alalahanin n'yo, ang maliit na sapatos na noon pa man ay sinisikap ko nang ipaliwanag, kung papaanong ang kaluluwa ay katabi ng ganito-at-ganiyan at ng panloob na konsiyensya at lahat ng mga ganung bagay, na nagpasimula lamang ng isang malaking bungkos ng mga panggagaya. Kung papaanong kailangan mong kunin ang kamay, at hawakan ang mga tao at magkakaroon ng panginginig, ang lahat ay nagkaroon ng panginginig sa kanilang kamay. Ngunit tandaan n'yo na nang dalhin Niya ako roon ang sabi Niya, "Ito ang ikatlong hatak, at walang makaaalam nito." Naaalala n'yo ba iyon? Ang mga pangitain ay hindi nabibigo. Ang mga ito ay ganap na katotohanan.

87 Ngayon, pansinin n'yo, naalala n'yo ba ang pangitain ng konstelasyon? Charlie, ako'y… Heto. May isang bagay na nagaganap, ang sabi ko sa iyo, nitong linggong ito na iyong… Ito'y nakapalibot sa iyo, ngunit iniisip ko kung napansin mo. 265 Naaalala mo ba ang pangitain ng konstelasyon ng mga Anghel nang umalis ako rito patungo sa Arizona? Naaalala mo ba ang, ("Anung Oras Na, Ginoo"?) "What Time Is It, Sirs?" Naaalala mo ba iyon? Pansinin mo na nagkaroon ng isa lamang malakas na pagsabog ng kulog, at may pitong Anghel na lumitaw. Tama ba 'yon? Isang pagsabog ng kulog, pitong Anghel ang lumitaw. 266 At nakita ko nang buksan ng Cordero ang Unang Tatak, narinig ko ang isang tinig tulad sa isang kulog, at isa sa apat na nilalang na buhay ay nagsabi, Halika. 267 Pansinin n'yo, isang kulog, pitong mensaheng tinatakan at hindi maaaring maihayag hanggang sa huling araw, sa kapanahunang ito. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

88 Ngayon, napansin n'yo ba ang mga mahihiwagang parte ng linggong ito? Iyon 'yon. Iyon nga iyon. Hindi iyon tao; mga Anghel iyon ng Panginoon. Pansinin n'yo, may tatlong saksi na nakaupo rito, na nung nakaraang linggo (higit nang kaunti sa isang linggo) ako ay nasa kasukalan ng kabundukan, halos sa Mexico na, kasama ang dalawang kapatid na nakaupo rito, nag-aalis ako ng mga amorseko sa aking pantalon nang magkaroon ng pagsabog na parang nagpaguho sa kabundukan. 269 Ngayon, tama 'yon. Hindi ko ito sinabi sa aking mga kapatid, ngunit may kaibahan silang napansin. At sinabi Niya sa akin, "Maghanda ka na. Magtungo ka sa silangan." 270 Heto ang interpretasyon ng pangitaing iyon. Kita n'yo? "Ngayon, para ipaalam sa inyo, hindi nakuha ni Brother Sothmann ang hayop na kaniyang hinabol." Sinubukan naming kunin 'yon para sa kaniya. 271 At ang sabi Niya, "Ngayon, sa gabing ito, bilang isang tanda para sa iyo, hindi niya iyon makukuha. Dapat mong italaga ang iyong sarili sa pagkakataong ito para sa pagbisita ng mga Anghel na ito." At parang nawala ako sa aking sarili, kung naaalala n'yo. At ako ay napasa kanluran; ang mga Anghel ay dumarating galing sa silangan. At sa pagdaan nila, ako ay dinampot nila (Naaalala n'yo ba iyon?), galing sa silangan.

89 At si Brother Fred na narito ngayong gabi ay saksi, at si Brother Norman. At sa pagbaba namin, muntik ko nang makumbinsi ang lalaking iyon na magpaiwan at kunin ang kaniyang hinuhuling hayop. 273 Tama ba

'yon, Brother Sothmann? Oo nga, hayun nakatayo siya ro'n. Kinumbisi ko… ngunit ang sabi Niya, "Hindi niya iyon makukuha." Wala akong sinabing anuman, humayo ako. May Kung Anong nasa tabi ng kubol nung araw na iyon… Natatandaan mo, Brother Sothmann, na, pag may mga bagay na ipinapahayag, pinasusumpa ko kayo ni Brother Norman… Nasaan si Brother Norman? Nandun sa likuran. 274 Pinasusumpa ko sila na hindi nila sasabihin kung ano ang nagaganap noon. Tama ba 'yon? Tumalikod ba ako at lumayo sa kubol, nang ganiyan? Tama ba? Ito ang dahilan niyon, eksakto nga, at alam kong di ko iyon maaaring sabihin hanggang sa ito ay maganap upang makita kung mauunawaan ito ng mga tao.

90 At napansin n'yo ba ang isang Anghel na iyon, na sinabi kong naroroon, na kakaibang Anghel? Tumingin Siya nang higit sa akin kaysa sa iba pa sa kanila. Naaalala n'yo ba iyon? Sila ay nasa sa isang konstelasyon—tatlo sa magkabilang gilid at isa sa itaas. At ang isang katabing-katabi ko, kung bibilang ka mula sa kaliwa pakanan, ay ang ikapitong Anghel. Mas maliwanag Siya, mas may kahulugan Siya sa akin kaysa sa iba pa sa kanila. Naaalala n'yo, sinabi kong nakausli ang Kaniyang dibdib na ganiyan, at lumilipad papunta sa silangan. Naaalala n'yo ba yung ganun? At sinabi ko, "Dinampot ako Nito, itinaas ako." Naaalala n'yo ba iyon?

91 Heto iyon. Yaong may Ikapitong Tatak, ang pinag-isipan ko buong buhay ko. Amen. Ang iba pang mga Tatak ay napakahalaga sa akin, siyempre, ngunit, oh, di n'yo alam kung ano ang naging kahulugan nito. Sa isang pagkakataon sa aking buhay… Nanalangin ako; umiyak ako sa Diyos. A—a—ako'y—pagkatapos ng gawain sa Phoenix, alam ng sinumang naririto; namalagi ako sa kabundukan. Isang umaga nagbangon ako at tumungo sa Sabino Canyon; napakabako-bako at napakataas na kabundukan niyon. 277 At umakyat ako ro'n, at mayroong maliit na daan pag paakyat ka na sa Lemmon Mountain at ito ay tatlumpung milyang paglalakad, at may mga tatlumpung piye ang niebe na naroroon sa itaas.

92 Kaya't, doon sa itaas ng bundok maagang-maaga bago magliwanag, umaakyat ako sa munting landas na ito, naggugulungan ang mga bato habang lumalakad ako, nadama kong pinangungunahan akong lumiko nang paganito. 279 At pumihit ako at pumanik sa malalaking tulis-tulis na mga bato, ay, naku, daan-daang piye ang taas. At lumuhod ako sa pagitan ng mga batong iyon. Inilapag ko ang Bibliang ito at inilapag ko ang aklat na ito, ang munting sulatang ito.

Ang sabi ko, "Panginoong Diyos, ano'ng ibig sabihin ng pangitaing ito?" A—a—ako'y… Ang sabi ko, "Panginoon, ang ibig sabihin ba nito ay mamamatay na ako?" (Alalahanin n'yo na sinabi ko sa inyong naisip ko na marahil ay nangangahulugan iyon ng aking kamatayan, dahil mayroong sumabog na sadyang nagpanginig sa akin nang husto. Naaalala n'yo? Ilan ang nakaaalam—nakarinig na ganun nga? Aba, tunay nga, lahat kayo.) At naisip kong maaaring ang pakahulugan niyon ay ang kamatayan ko. 281 At pagkatapos niyon sa silid, ang sabi ko, "A—a—ano ba iyon, Panginoon? A—anong ibig sabihin niyon? Ang ibig sabihin ba niyon ay mamamatay na ako? Kung ganun nga, ayos lang; hindi ko sasabihin sa aking pamilya. Hayaan Mo na lang na pumanaw na ako (Kita n'yo?), kung tapos na ang aking trabaho." At ang

sabi ko… Ngayon, ano iyon? Ngunit nagsugo Siya ng saksi pabalik sa akin (Naaalala n'yo na sinabi ko sa inyo?) na hindi iyon 'yon, pag-ibayo pa iyon ng aking trabaho.

93 Oh, nakuha n'yo ba? Kita n'yo? At nakaupo ako sa Sabino Canyon… Alam ito ng Ama sa langit, kasing totoo na nakita n'yong natupad 'yon, ang mga Anghel na iyon ay bumaba at binindika na ganun din ang bawat mensahe. Kung gayo'y alam n'yo kung ito ay mula sa Diyos o hindi. Una na itong sinabi sa inyo sa pamamagitan ng isang pangitain. Hindi ko masabi sa inyo libang matapos na ang gawain, 'pagkat pinagbawalan ako." 283 Sa Sabino Canyon, habang nakaupo ako roon nung umagang iyon, nakataas ang aking mga kamay, at natanggal ng ihip ng hangin ang itim kong sombrero. Nung nakatayo ako doon na nakataas ang aking mga kamay, nananalangin ako. Ang sabi ko, "Panginoong Diyos, ano'ng ibig sabihin nito? Hindi ko iyon maunawaan, Panginoon. Ano'ng dapat kong gawin? Kung ito na ang oras ng aking pag-uwi, hayaan Mong umakyat ako rito kung saan ay di nila ako matatagpuan. Ayaw kong may nagdadalamhati sa paligid ko kung ako'y aalis na. Nais kong isipin ng aking pamilya na naglakad-lakad lang ako, at di nila ako masusumpungan. Ikubli mo ako sa isang dako. Kung ako'y aalis na, aba'y, hayaan mo lang akong umalis. Marahil ay makikita ni Joseph ang aking Biblia na nakalapag dito isang araw, at hayaan Mong gamitin niya ito. Kita n'yo? Kung ako'y aalis na, hayaan Mong yumao na ako, Panginoon."

94 At nakaunat ang aking mga kamay, nang bigla na lang may lumapag sa aking kamay. Hindi ko alam. Hindi ko masabi. Nakatulog ba ako? Hindi ko alam. Nakakita ba ako ng pangitain? Hindi ko alam. Iyon ba ay isang pangitain? Hindi ko masabi sa inyo. Ang tanging masasabi ko ay kapag ako'y…

Katulad din 'yon ng mga Anghel na iyon. At iyon ay lumapag sa aking kamay, at tinignan ko, iyon ay isang espada, at ang hawakan ay perlas, napakaganda; at sa itaas nito ay may harang na ginintuan, at ang itsura ng talim, parang chrome, parang pilak, kaya lang napakakintab. At napakatalas nito, ay, naku. At naisip ko, "Hindi ba't napakaganda niyan?" Sukat na sukat sa aking kamay. Naisip ko, "Kay ganda-ganda niyon." Ngunit ang sabi ko, "Noon pa'y takot ako sa ganung mga bagay"—ang isang espada. At naisip ko, "Ano'ng gagawin ko do'n?" 286 At nung sandaling iyon ay may isang tinig na yumanig sa dakong iyon na umuga sa mga bato, na ang sabi, "Ito ang Espada ng Hari." At pagkatapos ay lumabas na ako sa pangitain. "Ang Espada ng Hari…" 287 Ngayon, kung ang sabi niyon ay, "isang Espada ng Hari…" ngunit ang sabi, "Ang Espada ng Hari," at iisa lang ang "ang Hari," at iyon ay ang Diyos, at mayroon Siyang isang Espada; iyon ay ang Kaniyang Salita, ang ikinabubuhay ko. At kaya nga tulungan nawa ako ng Diyos, sa pagtayo ko dito sa banal Niyang pulpito kung saan nakalapag ang Kaniyang Salita, ito ay ang Salita. Amen.

95 Oh, napakadakila ng araw na kinabubuhayan natin, napakadakilang bagay. Nakikita n'yo na ba ang hiwaga at ang lihim? Ang ikatlong… Nung nakatayo ako ro'n, nang iwanan ako nito, may dumating sa akin na nagsasabi, "Huwag kang matakot. Ito ang ikatlong hatak." 289 Ikatlong hatak, naaalala n'yo ba iyon? Ang sabi Niya, "Napakaraming nanggaya sa iyo sa pinapaliwanag mo." Ngunit ang sabi, "Huwag mong subukang ipaliwanag ito." Naaalala n'yo ba iyon? Ilan ang nakaaalala sa pangitain? Aba'y, nasa mga tape iyon at lahat na. Anim na taon na iyon— pitong taon na ang lumilipas. 290 Ang sabi, "Huwag mo iyong subukang ipaliwanag." Ang sabi, "Ito ang ikatlong hatak, ngunit katatagpuin kita sa loob niyon." Tama ba? Ang sabi Niya, "Huwag mong subukang…"

96 Nakatayo ako na may hawak na sapatos ng sanggol nang sabihin Niya sa akin doon, "Gawin mo ang una mong hatak; at pag ginawa mo iyon, hahabulin ng isda ang pain." Ang sabi, "Pagkatapos ay abangan mo ang iyong ikalawang hatak" ang sabi, "sapagkat maliit na isda lang ang mahuhuli." Ang sabi Niya, "Pagkatapos ay makukuha na iyon ng ikatlong hatak." 292 At lahat ng mga ministro ay nagsilapit sa akin, ang sabi, "Brother Branham, alam naming kaya mo iyon. Aleluia, Brother Branham." (Diyan ako palaging nagagapos—sa isang bungkos ng mga mangangaral. Kita n'yo?

Mahal ko ang mga tao; nais nilang ipaliwanag mo ang bawat bagay, ang ganito, ang ganun.)

97 At ang sabi ko, "Buweno, oh, ang lahat…?..." Ang sabi ko, "Hin—hindi ko alam." Ang sabi ko, "Naiintindihan ko ang pangingisda." 294 Ang sabi ko, "Ngayon, ang una mong gagawin… Ganito 'yon. Kapag nakita mo ang mga isda sa paligid mo; kailangan mong hatakin ang pain." (Buweno, ganun nga ang taktika ng pangingisda.) Kaya't ang sabi ko, "Hatakin n'yo ang pain." Ngayon, nang hatakin ko ang pain nung unang pagkakataon, hinabol iyon ng mga isda, ngunit ang liliit ng mga iyon. Iyon ay tulad lang sa nahuhuli nila. 295 Kaya't ang sabi ko, "Pagkatapos niyon ay ikasa n'yo…" at hinaltak ko iyon papuntang dalampasigan at nakahuli ako ng isang isda, ngunit nagmistula iyong balat ng pain; sadyang napakaliit niyon. At sa pagkakatayo ko ro'n may nagsabi sa akin, "Sinabihan kita na huwag mong gawin iyon." At nagsimula akong umiyak. 296 Ang buong tanse ay nakapulupot sa akin nang ganito, at nakatayo ako ro'n na umiiyak at nakayuko nang ganiyan. Ang sabi ko, "Diyos, oh, ako'y… Patawarin Mo ako. Hangal ako. Panginoon, huwag Mong… Patawarin Mo po ako." At nasa akin ang tanseng ito at iyon, ang hawak ko ay isang munting sapatos ng sanggol, mga ganiyan kahaba. 297 At mayroon akong… Ang sintas na iyon ay mga gadaliri ko ang taba, mga kalahating pulgada, yata. At ang suutan ng sintas sa sapatos na ito ay mas maliit pa sa mga ikaanim na bahagi ng isang pulgada ang laki. At pinipilit kong sintasan ang sapatos na ito sa pamamagitan ng napakalaking taling ito. 298 At may isang Tinig na dumating, ang sabi, "Hindi

mo maaaring turuan ang mga sanggol na Pentecostal ng mga bagay na supernatural." Ang sabi pa, "Hayaan mo na lang sila."

98 At nung sandaling iyon ay dinampot Niya ako. At iniakyat Niya ako at iniupo nang mataas na mataas kung saan ay may pagtitipon na nagaganap, parang isang tolda o isang uri ng katedral. At sa pagtingin ko mayroong isang maliit na parang kahon, maliit na dako sa gilid. At nakita ko ang Liwanag na iyon na may kinakausap sa itaas ko, ang Liwanag na nakikita n'yo sa larawan. Paikot Itong lumayo sa akin, nang ganiyan, at nagtungo sa toldang iyon, at nagsabi, "Kakatagpuin Kita ro'n." At ang sabi pa, "Ito ang magiging ikatlong hatak, at hindi mo ito sasabihin kaninuman." 300 At sa Sabino Canyon, ang sabi Niya, "Ito ang ikatlong hatak." At may kalakip itong tatlong, dakilang bagay, at ang isa ay nalantad ngayong araw, o kahapon pala, ang isa pa ay nalantad nitong araw na ito, at may isang bagay na

hindi ko maaaring ipaliwanag, sapagkat ito'y nasa isang di alam na wika. Ngunit nakatayo ako roon mismo at tinignan ko iyon ng direktahan, at ito ang paglitaw ng ikatlong hatak. At ang Espiritu Santo ng Diyos… Ay, naku. Iyan ang dahilan kaya ang buong kalangitan ay natahimik.

99 Ngayon, mabuti pang tumigil na ako rito. Kita n'yo? Sadyang nadarama kong pinipigilan akong magsalita pa tungkol dito. Kita n'yo? Kaya't alalahanin n'yo lang, ang dahilan kaya di binuksan ang Ikapitong Tatak, ang dahilan kaya hindi ito inihayag, ay sapagkat walang sinumang dapat makaalam tungkol dito. 302 At nais kong malaman n'yo na bago ko pa nalaman ang anumang salita tungkol do'n, dumating na ang pangitaing iyon maraming taon na ang nakalilipas. Naaalala n'yo ba iyon? At heto ito tulad din ng isang ito— direktahan itong pumasok sa Salita ayon na ayon sa kinaroroonan nito. At batid ng Diyos ang aking puso; hindi ko kailan man naisip ang gayong bagay, at heto na iyon. Mas huli na ang panahon kaysa sa iniisip natin. 303 Ay, naku. Ipinakikita lang nito na ito'y sa Diyos, sapagkat (Kita n'yo?), akmang-akma ito sa mga pangako ng Diyos mula sa mensaheng pangkatapusan. Pansinin n'yo. Pansinin n'yo ngayon, para sa mensahe ng huling panahon ang Tatak na ito, matapos ang lahat… Inihayag Niya ang lahat ng anim na Tatak, ngunit wala itong sinasabing anuman tungkol sa Ikapito. 304 At ang Tatak ng huling panahon, kapag ito'y nagsimula na, ay magiging lubos at ganap na lihim ayon sa Biblia. Bago malaman iyon… At alalahanin n'yo, sa Apocalipsis 10:1, 7(1-7, kapitulo 10:1-7) sa dulo ng mensahe ng ikapitong anghel, lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay mahahayag. Tayo'y nasa huling panahon na, ang pagbubukas ng Ikapitong Tatak.

100 Ngayon, paano ko nalaman nung isang araw, nung nakaraang Linggo, isang linggo na ang nakalilipas, nang ako'y nangangaral tungkol sa "Magpakumbaba, magpakumbaba; alalahanin na ang Diyos ay nakikitungo sa pamamagitan ng malilit na mga bagay." Hindi ko noon naiintindihan kung ano'ng isinasaad niyon, ngunit ngayon ay nauunawaan ko na. Ganun ito kahamak. Iisipin mo na ang isang bagay na tulad niyon ay sa Vatican maihahayag, ngunit ito ay dumating tulad ni Juan Bautista. Dumating ito tulad ng kapanganakan ng ating Panginoon sa isang sabsaban. Luwalhati sa Diyos. Tulungan nawa ako, ang oras ay nalalapit na. Naririto na tayo. Ay, naku. 306 Ngayon, nakikita n'yo na ba? Ang Katotohanan ng pangitain ng Diyos, ang pitong Anghel, na nagdala sa akin mula sa kanluran. Nanggaling sila sa kanluran, bumalik sa silangan, naghatid dito ng mensahe para sa gabing ito. Ay, naku.

101 Ngayon, ang tinig ng dakilang kulog na iyon at ang misyon na naihatid dito ay nahayag na kung kaya't ito'y—at napatunayang ito ay sa Diyos. Isipin n'yo na lang. Hindi ko alam dati ang mga Tatak na ito, pagkatapos ay nahayag ang mga ito nitong linggong ito. Inisip ba 'yon ng sinuman? Tungkol sa pitong Anghel na iyon, bilang mensaheng paparating, ibinalik ako dito ng mga Anghel na iyon para do'n? 308 Alalahanin n'yo, ang ikapitong mensahero ay… Ang pitong mensahero ay… Tila ang ikapitong Anghel ang higit na kapansin-pansin sa akin kaysa sa alin man sa kanila. Ngayon, nakikita n'yo ba, sila ay nakatayo nang paganito (Ngayon, nais lang nating mapansin n'yo.), at ako ay nakatayo rito, at minamasdan ko yaong ibang… Kita n'yo, ang isa… 309 Ang unang tumpok ng mga ibon ay may mga pakpak na lagas. Naaalala n'yo ba 'yon? At lahat sila ay lumipad sa direksyon ng silangan. At ang ikalawang tumpok ay higit na malinaw, higit na malalaking mga ibon, tila mga kalapati, may matutulis na mga pakpak; lumipad sila pasilangan: unang hatak, ikalawang hatak. At ang sumunod ay mga Anghel.

102 At habang nakatayo ako ro'n, at pagkatapos ng pagsabog na ito, nakatingin ako sa direksyong ito, pakanluran, nang bigla na lang silang dumating at dinampot ako ro'n, at lubos akong nawala sa aking hinagap. At ang isa mga dumarating at tila kakaibang-kakaiba sa akin, ay yaong isang nasa bandang kaliwa ko sa pinasukan ko sa konstelasyong iyon, ngunit kung bibilang ka mula sa kaliwa papunta sa kanan, iyon ang pangpitong Anghel (Kita n'yo?), kung iisa-isahin mo. 311 Ngayon, alalahanin n'yo ang pitong mensahero. Naaalala n'yo ba ang pyramid na yari sa puting bato sa panaginip ni Junior Jackson na aking ipinaliwanag sa inyo? Pansinin n'yo, nung gabing umalis ako… Mayroong anim na panaginip na dumating, at ang bawat isa sa kanila ay patungkol sa iisang bagay. At ang pangitain ay nagpasimula at isinugo ako pakanluran. Si Junior ba ay… Nagmamasid siya… Bakit, pansinin n'yo. Tignan n'yo kung gaano kasakdal. 312 Ngayon, umaasa ako at nagtitiwalang napagtatanto ninyong sinisikap kong ibilang ang biyayang ito kay Jesus Cristo, na Siyang May-akda ng lahat; at ang tanging dahilan kaya di n'yo ko narinig na nangusap nang ganito dati buong buhay n'yo… Ngunit ang oras na ito ay paparating na.

103 Pansinin n'yo ngayon, upang tiyakin sa inyo, nang sa ganun ay maibaon ito… Nalalapit ko na kayong iwanang muli. Hindi ko alam kung saan ako pupunta. Dapat kong ipangaral ang Ebanghelyo sa ibang mga dako.

Ngunit ngayon, upang masabi n'yo, "Narinig ko na lahat ng ganiyang klase ng panatisismo." Hindi ko alam kung ano. Hindi ko maaaring husgahan ang sinumang ibang tao. Ang kailangan ko lang panagutan sa Diyos ay ang aking sarili. 315 Ngunit nagkaroon ba ng pagkakataon na nagsabi ako ng anuman sa Pangalan ng Panginoon na hindi tama sa lahat ng mga taong ito? Walang iba pang makapagsasabi nito, sapagkat ang paghahayag ko sa tuwina ay kung papaano Niya lang sinabi. 316 Ngayon, hayaan n'yo lang na ipakita ko sa inyo na ito nga ang katotohanan at pagtitibayin ko. Ngayon, alalahanin n'yo, "Kung mayroong espirituwal… o isang propeta, Ako, na Panginoon, ay mangungusap sa kaniya sa mga pangitain at magpapahayag sa kaniya sa pamamagitan ng mga panaginip," pagpapaliwanag ng mga panaginip. Iyon ba'y… Si Jose, nagawa niyang makapagpaliwanag ng mga panaginip at makapangusap at makakita ng mga pangitain. Tama ba 'yon?

104 Ngayon, pansinin n'yo na iyon, nang ito ay maganap, si Junior ay nakatayo sa isang bukid na mayroong isang malaking pyramid na ganiyan, at mayroong isang bagay na nakasulat sa mga bato, at ipinaalam ko iyon sa mga tao. Tama ba iyon, Junior? Mga isang taon bago iyon maganap… 318 At pansinin n'yo ngayon ang sumunod na bagay. Kumuha ako ng isang uri ng bareta at tinagpas ko iyon, at ang loob niyon ay puting bato na walang anumang nakasulat. At sa pagkakataong iyon ay nagsimula akong magtungo sa kanluran. At sinabihan ko silang lahat; ang sabi ko, "Huwag kayong magtungo sa kanluran. Manatili kayo rito at tignan n'yo ito hanggang sa pagbalik ko." Nagtungo ako sa kanluran para sa pagsabog na iyon, nagbalik ako sa silangan na pinapaliwanag ng Espiritu Santo ang di nakasulat na Salitang ito." Ngayon, kung hindi ba naman talagang ang Diyos na Makapangyarihan sa Lahat iyon, nais kong alamin n'yo kung ano iyon. Bakit ko ito sinasabi, mga kaibigan? Upang ipakita sa inyo na tayo'y nasa huling panahon na.

105 Ngayon, kung yaong iba ay ganap na ayon sa Salita, ito din naman ay ayon na ayon sa Salita. Naririto na tayo. Tayo'y nasa katapusan na, kaibigan. Madali nang mauubos ang panahon. Milyun-milyon ang mamamatay. Milyun-milyon sa mga ngayon ay sumasampalatayang sila ay ligtas ay magsisilbing panggatong para sa atomic age. 320 Tayo ay nabubuhay sa huling panahon. Sa biyaya ng Diyos na Makapangyarihan sa Lahat, sa pamamagitan ng Kaniyang tulong, nawa'y manabik ang Kaniyang bayan sa pagpapakita ni Cristo…

"Gaano katagal, Brother Branham?" Marahil ay dalawampung taon, marahil ay limampung taon, marahil ay sandaang taon; hindi ko alam. At marahil sa kinaumgahan, maaari ding mamayang gabi; hindi ko alam. At sinumang nagsasabing alam nila ay nagkakamali. Kita n'yo? Hindi nila malalaman. Ang Diyos lamang ang nakaaalam.

106 Ngayon, pansinin n'yo. Tulungan nawa ako, sa pamamagitan ng Diyos ay nagsasabi ako ng katotohanan, na ang mga ito para sa akin ay nauunawaan sa espirituwal na kaparaanan. At itinuro ng bawat isa sa kanila ang kaniyang lugar sa Biblia. 323 Ngayon, kung ano ang dakilang lihim na ito sa ilalim nitong Tatak ay di ko nalalaman. Hindi ko iyon alam. Hindi ko iyon matukoy. Hindi ko masabi kung ano ba iyon at kung ano'ng sinabi niyon. Ngunit alam ko na iyon ang pag-alingawngaw ng pitong kulog na magkakadikit, sumabog nang pitong magkakaibang pagkakataon, at iyon ay nagbukas sa iba pang bagay na nakita ko. 324 At nang makita ko iyon, inabangan ko ang interpretasyong mabilis na dumaan doon, at hindi ko iyon matukoy. Tama nga iyon, kaibigan. Kita n'yo? Ang oras ay hindi pa ganap para do'n, ngunit papapasok na sa cycle na iyon. Kita n'yo? Papalapit na ito nang papalapit. Kaya't ang dapat n'yong gawin ay tandaang nangungusap ako sa inyo sa Ngalan ng Panginoon: Maging handa kayo, dahil di n'yo alam kung ano'ng oras maaaring may mangyari.

107 Ngayon, kapag nailagay na iyan sa tape, at ito nga ay itinitape na, marahil ay itataboy niyan ang sampung libong mga kaibigan ko palayo sa akin, 'pagkat sasabihin nila na ginagawa ni Brother Branham na lingkod o na isang propeta ang kaniyang sarili, o kung anong bagay sa harap ng Diyos. Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, mga kapatid, mali iyon. 326 Sinasabi ko lang sa inyo kung anong nakita ko at kung anong sinabi sa akin, at ngayon, gawin n'yo anuman ang naisin n'yo. Hindi ko alam kung anong mangyayari. Hindi ko alam. Ang alam ko lang ay hawak ng pitong kulog na iyon ang hiwaga, kung bakit nanahimik ang kalangitan. (Nauunwaan ba ng bawat isa?) 327 Marahil ay panahon na. Maaaring oras na upang ang dakilang personang ito na inaasahan nating lumitaw sa eksena ay lumitaw na nga. Marahil ang ministeryong ito na sinikap kong ipanghatid sa mga tao pabalik sa Salita ay nakapaglatag na ng isang pundasyon; at kung ganun nga, lilisanin ko na kayo nang permanente. Hindi kami magsasabay dito. Kita n'yo? 328 Kung lilitaw na nga Siya, Siya ay madadakila, ako'y maibababa. Hindi ko alam. Ngunit binigyan ako ng prebilehiyo ng Diyos na tumingin at makita

kung ano iyon (Kita n'yo, kita n'yo?), hanggang do'n lang ito nabuksan. Ngayon, iyon ang katotohanan.

108 At tiyak kong napansin n'yo ang mga bagay na nagaganap nitong linggong ito. Tiyak akong napansin n'yo ang munting anak na lalaki ni Bro. Collins na nakahiga doon na naghihingalo nung isang gabi, at ang munting batang babaeng may leukemia. 330 Ang Kaharian ng Diyos ay paparating na. Mula sa negatibo papunta na nang papunta sa positibo ayon sa naganap. Ngayon, hindi iyan dapat makabilaok sa mga tao. Mula sa pag-aaring-ganap patungo sa pagpapakabanal hanggang sa bautismo ng Espiritu Santo at pagkatapos ay dito—dito. Kita n'yo? Sadyang nalalapit tayo sa Diyos sa lahat ng pagkakataon. 331 Hindi n'yo ba nakikita, mga ministrong Methodista, kung papaanong ang mensahe n'yo ng pagpapakabanal ay mas mataas kaysa sa ipinangaral ni Luther? 332 Kayong mga Pentecostal, hindi n'yo ba nakikita na ang mensahe n'yo ng Bautismo ay higit na mataas kaysa sa ipinangaral ng mga Methodist? Naiintindihan n'yo ba ang ibig kong sabihin? Oh, napakarami nang naipahayag sa atin, at tama naman. 333 At kung mayroon mang namumuhi sa mali at sa mga taong nagsasabi ng isang bagay na sa katunayan ay mga kasinungalingan at hindi totoo, ako 'yon; ngunit gustung-gusto ko ang matibay na katotohanan. 334 Gaano man ito nakagagambala sa ganito o sa ganiyang paraan, kung ito ang Katotohanan, ipapakita ng Diyos sa dulo na ito'y Katotohanan. At kung hindi Niya iyon gagawin, isa sa nalalapit na mga araw na ito, kung gayo'y hindi tama ang aking pangitain. Ngayon, nakikita n'yo kung saan ko inilapag ang aking sarili.

109 "Kailan ito mangyayari, Brother Branham?" Hindi ko masasabi sa inyo. Hindi ko alam. Ngunit isa sa mga araw na ito, kung di na tayo muling magkita sa ibabaw ng lupang ito, magkikita tayo doon sa hukuman ni Cristo. At kung malaman n'yo na sa silid na iyon, na pinagmumulan ng kapahayagan ng Diyos (tulad din ng lahat ng iba pa), na ang mga iyon ay… Isa sa mga hiwaga ng Tatak, kaya hindi nahayag, iyon ay ang pag-ugong ng pitong kulog, at hayun na nga iyon, sapagkat walang nakaaalam ng anuman tungkol do'n; ni hindi iyon isinulat. Kaya't tayo'y nasa huling panahon na; naririto na tayo. 336 Nagpapasalamat ako sa Kaniyang Salita; pinasasalamatan ko Siya dahil kay Jesus Cristo. Dahil kung hindi Siya isinugo bilag pampalubag-loob sa ating mga kasalanan, tayo sana'y nasa isang malaking putik ng kasalanan at walang pag-asa. Ngunit sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, ang Dugo Niya

ay naglilinis ng lahat ng kasalanan. Tulad ng patak ng tinta sa isang balde ng Clorox, hindi na makikita pang muli ang tinta. Kapag ang mga kasalanan natin ay naikumpisal, ang mga ito'y nailalagay sa Dugo ni Jesus Cristo; hindi na muli pang maaalala pa ang mga ito. Kinakalimutan na ang mga iyon ng Diyos; ni hindi iyon kailan man ginawa. At habang ang Hain na iyon ay nakalapag pa roon bilang pantubos sa atin, kung gayo'y iyon na ang lahat… Iyon na 'yon. Kita n'yo? Hindi na tayo mga makasalanan; tayo'y mga Cristiano sa biyaya ng Diyos.

110 At alalahanin n'yo, sa ating mga sarili marahil ay magiging singsama pa rin tayo ng dati, ngunit nakita n'yo, ang biyaya ng Diyos ay nagpakita sa atin, at iyon ang ang dahilan kaya ganito tayo sa araw na ito: mga Cristianong magkakapatid. 338 Naging napakatinding linggo nito para sa akin. Pagod ako; pagod ang isip ko, sapagkat ginawa ko ang abot ng makakaya ko. At may kakatuwang nangyayari araw-araw… Namamangha ako na sa pagpasok ko sa silid sa loob lamang ng ilang sandali nakakikita ako ng isang bagay na nagpipihit sa akin nang lubusan. At heto, pag pumapasok ako ro'n ay nagbibitbit ako ng mga tala. Dadampot ako ng mga aklat ni Dr. Smith, Uriah Smith, at oh, lahat ng mga manunulat na naroroon, at babasahin ang kanilang mga aklat. Sasabihin ko, "Ngayon, heto ang Ikaanim na Tatak; heto ang Ikaapat na Tatak. Ngayon, ano'ng sinasabi ng lalaking ito?" 339 Sasabihin niya, "Buweno, ganito iyon, ganiyan, o ganun." Titingin ako rito at kukuha ng ibang may-akda. Sasabihin niya na ganito-at-ganiyan. At para bang sadyang… Sadyang hindi iyon umubra.

111 At pagkatapos ay naisip ko, "Buweno, ano iyon, Panginoon?" At sumandali akong nagpaparoo't parito sa sahig. 341 Luluhod ako at mananalangin, babalik at kukunin ang aking Biblia, mauupo, at magbabasa, magpaparoo't parito. At bigla na lang kapag natahimik ako, narito at nagbubukas ito nang ganiyan. At dali-dali akong kukuha ng panulat, at isusulat ko nang ganiyan, anuman ang aking nakikita at ginagawa, minamasdan ko 'yon nang ganiyan hanggang sa maisulat ko na. 342 Pagkatapos ay gugugulin ko ang nalalabing bahagi ng araw upang iyon tugaygayin upang makita kung maaring maidugtong sa buong Kasulatan. Pagkatapos ito'y… "Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay." Kita n'yo? 343 At ito ang nakuha ko, at sa palagay ko, "Ngayon, napakaraming nagkaroon ng pangitain. Nagkaroon ng maraming kapahayagan." Kung ito'y salungat sa Salita, huwag n'yo itong pakialaman. Tama; hayaan n'yo lang iyon.

112 Ngayon, ngayon, pagkatapos ay papasadahan ko nang ganito. Papasadahan ko nang pa-… Magsusulat ako ng munting mga bagay, iniisip ko, "Buweno, matutuwa ang kongregasyon na marinig ito, sapagkat ito'y dumurugtong dito at dito. Ngayon, tignan natin kung ano'ng sinasabi nito rito? Oo, ito'y… Siya nga, narito ito"; (Kita n'yo?) at ibinabalik ko iyon sa Biblia at iyon ay pinagdurugtong ko buong linggo. Hayan iyon sa mga tape. Maaari n'yong pakinggan ang mga iyon. At ginawa ko iyon sa abot ng aking nalalaman sa ilalim ng Cristianong pakikisama at sa biyaya ng Diyos na laan sa lahat ng tao sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Ginawa ko ang pinakamainam na nalalaman ko…?... 345 Kayo ang isa sa pinakamahuhusay na tagapakinig. Wala nang huhusay pang maupo kaysa sa inyo. Nagsidating kayo ritong lahat nang ala una ng hapon at nanatili hanggang ala singko o hanggang anumang oras nila buksan ang simbahan upang papasukin ang mga tao. Tumayo kayo sa lamig; tumayo kayo sa niebe; ginawa n'yo ang lahat, nagsitayo kayo nang nakapaikot sa mga dingding hanggang sa manakit ang

inyong mga binti. Nakikita kong umuupo ang mga kalalakihan at pinauupo ang mga kababaihan at salit-salitan ang tumatayo nang ganun, at umuupo.

113 At naisip ko, "Panginoon, ang buong…" Naging mahiwaga ba ang linggong ito?" Ang kabuuan nito ay naging tila kakaiba—kung papaanong lumalapit ang mga tao. 347 Nakikita ko silang tumatayo sa labas, sa may mga bintana, sa mga pintuan, doon sa likuran, sa lahat ng dako, nakikinig. At sa pagiging isang speaker, malayo ako ro'n. Sapat ang talino ko upang malaman na hindi ako isang speaker; ngunit bakit nauupo ang mga tao at nakikinig nang ganun? Bakit nila iyon ginagawa? 348 Hindi sila pumaparito upang pakinggan ang isang taong tulad ko, ngunit pumaparito sila sapagkat may kung ano ritong humahatak sa isang grupo ng mga tao…?... Kita n'yo? May kung ano rito na humahatak sa kanila. Sa pagtayo ng aking maybahay dito sa plataporma upang umawit, nang magsimula akong… They come from the east and west, They come from the land afar; To feast with the King, to dine as His guests, How blessed these pilgrims are! Beholding His hallowed face, Aglow with light Divine;

Blessed partakers of His grace As gems in His crown to shine.

114 Nawa'y palagi n'yong pakatatandaan iyon: upang maging hiyas sa putong ni Jesus Cristo. Ang sabi ni Pablo sa iglesia, "Kayo ang mga hiyas, ang mahahalagang bato ng kaniyang putong." Nais nating maging hiyas ng putong ni Jesus Cristo. 350 Ayaw nating ipuwera ang sinumang tao ro'n. Kalimutan n'yo ang lahat ng tungkol sa akin. Ako ay kapatid n'yo, isang makasalanang iniligtas ng biyaya, hindi karapatdapat mabuhay; iyan ay totoong totoo; at hindi ko iyan sinasabi upang magpakumbaba; iyan ay katotohanan. Walang anuman sa akin, walang isa mang mabuting bagay. 351 Ngunit ang biyaya ng Diyos ay nagpahintulot sa aking abang nanlalabong mga mata na makatingin sa likod ng tabing ng panahon at makita ang mga bagay na naroroon, at ako ay nagbalik…

115 Nung ako ay bata pa… Mahal ko ang mga tao; noon pa man ay nais ko nang may magmahat at kumausap sa akin. Walang gumagawa niyon dahil sa apilyedo ng aming pamilya. Walang gustong kumausap sa akin. Ngunit nang sumuko ako sa Diyos, ang aking lahi ay Irish, akala ko (mga Catolico silang lahat)… akala iyon na. Nagpunta ako ro'n, at siya ay nasa ibang daan, at nagpunta ako sa First Baptist Church, siya ay nasa iba na namang daan. Ang sabi ko, "Panginooon, mayroon at mayroong daan na totoo." At mayroong nagsabi, "Ang Salita."

116 Nanghawakan ako sa Salitang iyon. Tignan n'yo ang bawat pangitain sa lahat ng dako. Nung araw na ilatag ko ro'n ang panulok na bato, at inilagay ko 'yan do'n; isinulat ko ro'n ang ipinakita Niya sa akin nung umagang iyon sa isang pangitain: "Magsikap ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan, sumawata ka, sumaway ka, mangaral ka na may buong pagpapahinuhod at pagtuturo, sapagkat darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral; kundi pagkakaroon nila ng kati sa tainga, ay magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling masasamang pita at mahihiwalay sa katotohanan at mababaling sa katha." 354 At nakita ko ang dalawang punong kahoy na aking tinabihan na gumawa ng gayon ding bagay. Tama. At naroroon kami. At iyon ay totoo.

117 At ngayon, hindi n'yo… Alalahanin n'yo, hayaan n'yong pangaralan ko kayo muli. Huwag kayong magsabi ng, "Salamat sa iyo," kaninuman. Huwag n'yo sabihin… Iniisip n'yo ang kung sinong ministro, kung anong bagay, kung sinong mortal na tao, na may kung anumang mabuti sa kaniya,

sapagkat walang ganun; kahit sino pa siya. Walang anumang mabuti sa kaninumang tao. Tama. Kung mayroong isang bungkos ng mga trumpeta na nakalapag dito at ang isa sa mga iyon ay kinailangang maglabas ng isang uri ng musika; ang tao ang may gawa niyon; ang mga trumpetang iyon ay piping ganap. 356 Ang tao ang maaaring makapagpatunog ng trumpeta, ang nakaaalam kung ano'ng gagawin niya, ang dumadampot sa trumpeta. Walang anumang kinalaman ang trumpeta ro'n. Ang tunog ay nagmumula sa talino na nasa likuran niyon (Tama), kaya't lahat ng mga trumpeta ay pare-pareho; lahat ng mga tao ay pare-pareho; lahat ng mga Cristiano ay pare-pareho.

118 Walang dakilang tao sa ating kalagitnaan. Hindi tayo mga dakilang lalaki, o mga dakilang babae—tayong lahat ay magkakapatid, magkakauri. Hindi tayo dakila. Hindi pinadadakila nang higit ng isa ang isa kaysa sa iba— talagang wala iyong kinalaman. Wala po. Ngunit tayong lahat ay mga tao lamang. Huwag n'yong subukang ipaliwanag ang mga bagay-bagay. 358 Huwag n'yong subukang gumawa nang higit pa sa pamumuhay nang malapit, nagbibigay-papuri at nagpaparangal kay Jesus Cristo. Naiintindihan na ba iyon ng bawat isa? Amen. Mahalin n'yo Siya nang buong puso n'yo. Iyon ba ang ginagawa n'yo? Mahal Siya (At mamahalin ko Siya), Mahal Siya 'Pagkat minahal Niya ako, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

119 Nauunawaan ba nang husto ng bawat isa? Sumasamapalataya ba ang bawat isa? Alalahanin n'yo nung magsimula ako: "Sino ang naniwala sa aming ulat? Kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" Ipinahayag ba Niya sa inyo ang Kaniyang kahabagan, ang Kaniyang kabutihan? Amen. 360 Tandaan n'yo lang, mahalin n'yo Siya nang buong puso n'yo. Uuwi na ako; magbabalik ako muli rito, kung loloobin ng Panginoon, mga a-primero ng Hunyo. 361 Marahil kung ilalagay ng Panginoon sa aking puso, baka bandang unang bahagi ng tag-init, gaya ng Hunyo o mga ganun, marahil unang bahagi ng Taglagas, kung magtatagal pa ang Panginoon, nais kong bumalik at magtakda ng pitong gabi para sa Pitong Huling

Trumpeta. Gusto n'yo ba iyon? 362 Gusto n'yo bang… Ipapanalangin n'yo ba ako upang

tulungan ako ng Diyos? Sige. Hanggang sa muli nating pagkikita, alalahanin n'yo ang magandang lumang awiting ito. Mahal Siya, Mahal Siya 'Pagkat minahal Niya ako, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo. 363 Ngayon, nais kong magsiyuko kayo. Nais ko kayong ipanalangin. Bago magtapos ang pastor, nais kong ipanalangin kayo.

120 Makalangit naming Ama, maunawaan nawa ng mga tao, Panginoon, at tiyak akong may ilang hindi nakauunawa. Ngunit, Ama, nawa'y malaman nila ang layunin, at nawa'y maunawaan nila, Ama, na biyaya Mo sa kanila na ang mga bagay na ito ay naipahayag. At nais kong pasalamatan Ka, Panginoon, dahil sa pagpapaalam Mo ng mga bagay na ito na naihayag sa amin. At idinadalangin ko ang bawat isang naririto, ang bawat isang dumalo sa pagtitipong ito. 365 Kung mayroong hindi sumasampalataya, nawa, Panginoon, maging mga mananampalataya sila. Idinadalangin ko ang lahat ng makaririnig ng mga mensahe sa pamamagitan ng mga tape. 366 At kung ito ay mapapasa-tahanan at lugar ng maraming di mananampalatayang di sasang-ayon… Ngunit Ama, dinadalangin ko ang bawat isa na bago sila magsabi ng anumang mapamusong na salita, na sila ay maupo muna at saliksikin nila ang nabanggit sa mga Kasulatan, at kanilang sabihin sa Iyo na sila'y tunay na sinsero at nagnanasang malaman kung ito nga ba ay katotohanan, o hindi. At idinadalangin ko sila, Ama.

121 Idinadalangin ko ang mga nagsitayo sa tabi ng mga dingding, ang mga tumayo sa labas, ang mga naupo sa mga sa sasakyan, ang mga bata, ang lahat ng mga nakadalo—basta't lahat sila, Panginoon, ay idinadalangin ko. At dalangin ko na ang aking mga panalangin ay masagot, na sila'y Iyong pagpalain. 368 Una, Panginoon, bigyan Mo po ang bawat isa ng Eternal na Buhay. Idinadalangin ko na walang isa man sa kanila ang mapahamak, kahit isa. 369 At ngayon, Ama, hindi namin alam kung kailan magaganap ang dakilang pangyayaring ito, ngunit kapag nakikita naming lumilitaw ang mga tanda at ang mga pangyayaring Iskriptural, labis na nabibigyan ng babala ang aming puso. At idinadalangin ko, Amang Diyos, na Iyo kaming tulungan.

Idinadalangin ko na Iyong tulungan ang aming mahal na pastor, na si Brother Neville. Puspusin Mo siya, Panginoon, ng biyaya at kapangyarihan at ng kaunawaan na kaniyang maipangpakain ang inimbak na pagkaing ito sa mga kordero ng Diyos. 371 Panginoon, idinadalangin ko na iiwas mo kami sa karamdaman. Mangyari nawa na kapag nagkasakit ang mga tao ay maalala nila ang presente at sapat-sa-lahat na Dugo ng Panginoong Jesus na nasa dambana bilang pangtubos. 372 At idinadalangin ko na sila'y mapagaling nang mabilis. At idinadalangin ko na Iyong iiwas sila sa kapangyarihan ni Satanas na magpapahina ng kanilang kalooban o susubok na magbunsod sa kanilang bumuo ng mga kulto o… Sadyang ilayo Mo ang kapangyarihan ng kaaway, Panginoon. Italaga Mo kami sa Iyong Salita. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon

122 At, Panginoon, idinadalangin ko na Iyo akong tulungan. Nag-uumpisa na akong kumupas, Panginoon. Alam kong ang mga araw ko ay kakaunti na lang, at idinadalangin ko na Iyo akong tulungan. Hayaan Mo pong maging totoo ako, Panginoon, at tapat at sinsero upang magawa kong madala ang mensahe sa abot ng itinalaga mong pagdalhan ko. 374 At dumating na ang oras kung kalian ay dapat na akong humimlay, pagdating ko sa ilog, at ang tubig ay nagsimula nang dumating, o Diyos, magawa ko nawang iabot ang lumang Tabak na ito sa iba na magtatapat Dito, Panginoon, at magdadala ng katotohanan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Hanggang sa sandaling iyon, tulungan Mo akong maging malakas at malusog at matapang. Tulungan Mo po ang aking iglesia. Sama-sama Mo kaming pagpalain, Panginoon. Kami ay sa Iyo. 375 Nadarama namin ngayon na ang Iyong Espiritu ay nasa aming kalagitnaan. Naniniwala kami na Iyong tutugunin ang aming mga panalangin, sapagkat ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili sa Iyo kalakip ng Iyong Salita sa nalalabing mga araw namin dito sa ibabaw ng lupa, sa Ngalan ng Anak ng Diyos, na si Jesus Cristo, ang mahal naming Tagapagligtas, para sa Kaniyang kaluwalhatian. Amen. Ma… (Pagpalain kayo ng Diyos), Mahal Siya (nang buong puso ko) 'Pagkat minahal Niya ako, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

123 [Katatapos n'yo lang marinig ang orihinal na "Ikapitong Tatak" kung papaano ito ipinangaral sa kabuuan nito noong Linggo ng gabi, Marso 24, 1963 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana. Ayaw ni Brother Branham na ipamahagi ang orihinal na recording na ito. Kinabukasan, Linggo, Marso 25, 1963, nagpunta si Brother Branham sa kuwarto ng motel na kinaroroonan nina Brother Fred Sothmann at Brother James McGuire na nung panahong iyon ay siyang naatasan na gumawa ng mga tape. Sinabihan ni Brother Branham ang mga kapatid na iyon, "Ayaw kong maipamahagi ang mensaheng ito nang ganito." Pagkatapos na pakinggan niya mismo ang tape, inutusan niya ang mga kapatid na ihinto ang tape sa isang dako, at mula ro'n— (sa pasimula ng bilang 261)—nagrekord siya ng isang bagong bahagi na ang haba ay mga dalawampung minuto—(paragraph 377-414). Ang bagong bahaging ito nang magkagayon ay ginamit na kapalit ng orihinal na pagtatapos—(paragraph 261-373). Ang recording na ito ang tanging ipinamahaging version ng "Ikapitong Tatak" hanggang noong 1966. Pagkatapos na makaalis na sa eksena si Brother Branham, ang kapulungan ng William Branham Evangelistic Association ay nagkaroon ng buong pagkakaisa na ipamahagi ang tape na orihinal na inirekord sa Branham Tabernacle. Magmula noon, ang dalawang version na ito ay maaari nang makuha. Inilagay namin ngayon ang dagdag na mensaheng ito ni

Brother Branham sa isang tape, kalakip ng orihinal na "Ikapitong Tatak." Ang susunod na tinig na inyong maririnig ay kay Brother Branham sa kuwarto ng motel noong Lunes, Marso 25, 1963—Ed.]

124 Makabubuti na wala siyang anumang nalalaman tungkol dito, sapagkat kung nagkagayon, gagayahin niya iyon. 378 Iyon ang panlansi niya sa pagsasagawa ng mga bagay-bagay. Kaya nga, tinago ito nang lubusan ng Diyos sa buong sanlibutan, maging sa langit, na walang paraan upang ito ay maunawaan, maliban na lamang na ang Diyos Mismo ang maghayag nito. 379 Ngayon, nais kong pansinin n'yo ngayong gabi na sa Ikaanim na Tatak mayroong—may tatlong-luping layunin ang Ikaanim na Tatak. May tatlongluping layunin ang mga mangangabayo. Nagkaroon ng tatlong-luping layunin sa lahat ng mga bagay na ito. Ibinabalik na naman niyan tayo sa tatlo at pito (Kita n'yo), pitong Tatak, pitong mangkok, at iba pa.

125 Ngayon, nasa tatlluhan at pituhan ang numero ng Diyos sa Kaniyang matematika ng paghahayag ng Kaniyang Salita. 381 Ngayon, pansinin n'yo, tulad sa mga mangangabayo, mayroong tatlong kabayong humayo. Isa sa mga iyon ay puting kabayo, ang isa ay pula,

ang isa ay itim. At sa ikaapat na kabayo, aba'y pinagsama-sama ang lahat ng mga iyon. Kita n'yo, isang tatlong-luping layunin… 382 Ngayon, ganun din ang ginawa ng Diyos. Ganun din ang ginawa ng Diyos ng isugo Niya ang Kaniyang Leon, na walang iba kundi ang Kaniyang Salita upang labanan ang anticristo. 383 Pagkatapos ay nalaman nating isinugo Niya ang baka nung panahon ng kapighatian (ang hayop na pangsakripisyo); at sa panahon ng kapighatiang ito, ang tanging nagawa ng mga tao ay ang magpagal, alipin, at inalay nila ang kanialng mga sarili bilang isang sakripisyo.

126 Pagkatapos ay nalaman natin sa kasunod na kapanahunan, na walang iba kundi ang kapanahunan ng mga reformer, isinugo ng Diyos ang karunungan ng tao—may parang ulo ng tao na nakapatong sa hayop, at iyon ay isang kapangyarihang humayo na nasa mga reformer. 385 Ngayon, napansin n'yo ba, bawat… Di nakapagtatakang ang mga tao ng mga panahong ito ay may hang-over pa niyon, galing sa kapanahunan ng mga reformer, sapagkat nakikita lang nila ito sa eklesiastikal na kaparaaanan ng pagtingin dito, at nakikita nila ito sa paraang itinuro ng kanilang mga seminaryo; naging paraan iyon ng Diyos minsan, ngunit nakapamuhay na tayo nang lampas do'n.

127 Ngayon, tayo'y nakapasok na sa kapanahunan ng Agila, mahahayag ang kapahayagan, ang kabuuan. Ngayon, ikumpara n'yo ito sa ika-10 kabanata ng Apocalipsis, talatang 1 hanggang 7, at makikita natin dito sa Apocalipsis, 10:1-7, na sa mga kaarawan ng pagtunog ng mensahe ng ikapitong anghel matatapos na ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos. 387 Ngayon, nalaman din natin na ang pagkakabukas ng Ikaanim na tatak ay para sa isang tatlong-luping layunin. Ngayon, narito ang mga layunin: Ang una ay kailangang dumaan ang mga natutulog na birhen sa panahon ng kapighatian para sa paglilinis. Kailangan linisin ang kaniyang mga kasalanan ng di pananampalataya at pagtanggi sa mensahe. Ito ay ginawa sa kaniya sa panahon ng kapighatian. Makikita natin na hahantong sila dito sa Apocalipsis 7, sa pagitan ng ika-6 at ika-7 kabanata, du'n sila nilinis, at ibinigay sa kanila ang kanilang mga balabal.

128 Ngayon, hindi siya ang Nobya, kundi ito'y ang iglesia, ang dalisay na mga taong di marahil nagkaroon ng pagkakataon na matanggap ang mensahe, o sa kung anong kaparaanan ay binulag ng mga bulaang propetang ito, at sila'y—hindi sila nagkaroon ng pagkakataon, subalit talagang sinsero sila sa kanilang puso, at batid ng Diyos ang kanilang puso, at heto sila ay lilinisin sa panahong ito.

Napansin n'yo ang isang pang panahon ng paglilinis; iyon ay para sa Israel kapag naipon na sila. Iyon ang ikalawang lupi. Lilinisin ng Diyos ang Israel sa panahon ng kapighatian. Mula sa milyun-milyon na magtitipon do'n, magkakaroon ng piniling sandaan at apatnapu't apat na libo, at sila'y lilinisin din. Lilinisin ng Diyos ang Israel.

129 Pansinin n'yo, may isang buong mundong lilinisin. Mangyayari na ang buwan, ang mga bituin, at buong kalikasan ay lilinisin. Nakikita n'yo ba kung ano iyon? Pinagbabagong muli ng mundo ang kaniyang sarili, nililinis, inihahanda para sa milenyo. Ang milenyo ay paparating na. At kita n'yo, lahat ng may anumang karumihan ay lilinisin sa panahon ng Ikaanim na Tatak. 391 Ngayon, ngayon, napansin n'yo ba sa pagbubukas ng Ikapitong Tatak, nasa tatlong-luping hiwaga rin ito. Ang isang ito ay aking—sasabihin at sinabi na, na ito ay ang hiwaga ng pitong kulog. Ang pitong kulog sa langit ang maglalantad ng hiwagang ito. Ito ay magaganap sa pagdating mismo ni Cristo, sapagkat ayon kay Cristo walang nakaaalam kung kailan Siya babalik.

130 Napansin n'yo ba nang iyon ay itanong sa Kaniya ng mga Judio? Alam n'yo nang ikumpara natin ang Kasulatang ito sa Mateo 24 na may anim na Tatak, ang Ikapitong Tatak ay di nabanggit; sapagkat (Kita n'yo?), ang sabi ni Cristo ang Diyos lang Mismo ang nakaaalam, hindi ito alam maging ng mga Anghel. Kaya pala hindi man lang ito isinulat. Nakikita n'yo, nagsitahimik sila; walang anumang nangyari ng pagkakataong iyon. Hindi iyon alam ng mga Anghel; walang nakaaalam kung kailan Siya darating. Ngunit magkakaroon ng isang… Magkakaaroon ng pitong tinig ng mga kulog na ito na siyang maghahayag ng dakilang kapahayagan sa panahong iyon. 393 Kaya naniniwala ako, sa atin na… Kung hindi natin iyon alam, at hindi natin iyon malalaman hanggang sa panahong iyon, ngunit iyon ay maihahayag sa araw na

iyon, sa oras na dapat na ito maihayag. Kaya't ang dapat nating gawin ay ang maging magalang tayo sa harapan ng Diyos at atin Siyang paglingkuran, at gawin natin lahat ng ating nalalaman, at mamuhay tayo ng mabuting buhay Cristiano. 394 Heto na ngayon, nalaman natin na ang Ikaanim na Tatak ay nabuksan na sa atin; nakikita na natin ito, at alam nating ang Ikapitong Tatak na ito ay hindi maaaring mabuksan sa publiko hanggang sa dumating ang oras na iyon.

131 Ngayon, mayroong mga dahilan kung bakit hinayaan ng Diyos na kumulog ang pitong tinig na ito, sapagkat kailangan itong dumating (Kita n'yo?), dahil sa… Nakita natin na kinuha ni Cristo, ang Cordero, ang Aklat na iyon sa Kaniyang kamay, at binuksan Niya ang ikapitong Tatak. Ngunit nakikita n'yo ba, iyon ay isang nakatagong hiwaga. Walang nakaaalam nito.

Ngunit parang ganiyan din iyon nang sabihin Niya: walang makaaalam ng Kaniyang pagdating; hindi rin nila malalaman ang tungkol sa hiwaga ng pitong kulog. Kaya't nakikita n'yo ba, magkakonekta ito. 396 Hanggang diyan lang ang pagkaunawang mayroon tayo tungkol do'n sa araw na ito, sapagkat lahat ng iba pa ay nalantad na, ngunit ito ay hindi pa nalalantad. Ngunit habang nakaupo ako sa aking silid, at pagkarinig ko nito— o hindi narinig, kundi, nang makita ko itong nalalantad hanggang sa pitong kulog. Ngayon, hanggan diyan lang ang maaari nating marating. At ngayon umaasa ako na bawat isa sa inyo ay maglilingkod sa Diyos, at gagawin n'yo kung ano ang tama, at mamahalin n'yo Siya nang buong buhay n'yo at paglilingkuran, at ang Diyos na ang bahala sa iba pa.

132 Ngayon, natapos na natin ngayon dito, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ang lahat ng mga hiwaga ng anim na Tatak na natatakan, at nauunawaan at nalalaman natin dito na ang Ikapitong Tatak ay hindi dapat maipaalam sa publiko. Ngayon, ang Kaniyang pagdating, ang oras ng Kaniyang pagdating, kapag ang pagkawasak ng mundo… Alam n'yo, ang sabi Niya ro'n, "Ano ang magiging tanda ng pagdating ng katapusan ng sanlibutan?" Sa Mateo 24, doon nila tinanong sa Kaniya ang katanungang iyon, dumating Siya ro'n. Sinabi Niya ang pagkakatipon ng Israel bilang isang bansa sa ika-31 talata ng Mateo 24. Ngunit pagdating do'n ay nagsimula Siyang magtalinghaga. Kita n'yo? At, makikita n'yo ro'n, "Pag-aralan n'yo ang talinghaga ng puno ng Igos. Kapag nakita n'yo itong sinusuplingan na ng mga dahon, aba'y, alam n'yong malapit na ang Tagsibol." At pagkatapos, "Kapag nakita n'yong ito'y nagaganap na, kung magkagayo'y alam n'yo na ang panahon ay malapit na."

133 Nakikita n'yong nagkakatipon na ang Israel sa sarili nitong lupang tinubuan. Ngunit napansin n'yo ba, hindi Niya binanggit ang kapahayagan ng Ikapitong Tatak na ito. At dito nang buksan Niya ang Ikapitong Tatak, hindi Niya ito ulit binanggit. Kita n'yo? Kaya't nakikita nating isa itong ganap na hiwaga, samakatuwid, hindi pa oras upang mahayag ang hiwagang ito, kung kaya't, hanggang dito lang tayo at ang iba pa nito ay mahahayag sa oras na malapit nang lumitaw muli si Jesus sa ibabaw ng lupa para sa Kaniyang Nobya, o kung anuman ang mangyayari sa panahong iyon. Ngayon, hanggang sa panahong iyon, manalangin lang tayong lahat at mamuhay ng mabuti at matuwid na buhay Cristiano, na nag-aabang sa Kaniyang pagdating.

134 At ngayon, kung ang tape na ito mapapasakamay ng mga tao saan mang lugar, huwag n'yo itong gawan ng anumang uri ng "ism". Ang gawin n'yo lang ay magpatuloy kayong maglingkod sa Diyos, sapagkat ang dakilang lihim

na ito ay napakadakila na ni hindi man lang ito ipinahintulot ng Diyos na maisulat ni Juan. Kumulog, ngunit Siya'y… nalalamang… pinangako sa ating ito ay mabubuksan, ngunit hangang sa panahong ito, hindi pa ito bukas.

135 At ngayon, tayo ay nagpapasalamat sa Diyos dahil sa ipinakita Niya sa atin. Umupo ako sa silid na iyon sa loob ng walong araw, at ang mensahe na katatapos ko lang ipaliwanag sa inyo, ay mauunawaan ng marami sa inyo rito, at ipinangangako ko na mayroong isang espirituwal na bagay na nagaganap sa buong panahong iyon, na tiyak akong hindi n'yo nalalaman, at heto na iyon: Ito ang ganap na bindikasyon na ang interpretasyong ito ng mga Kasulatan ay isinugo ng Diyos, dahil bago pa natin iyon tinalakay, at bago pa ako magtungo sa kanluran, nagpakita sa akin ang Panginoon ng isang pangitain isang araw bandang ika-10 ng umaga, at pumarito ako at ipinaliwanag ko rito na nakita ko iyon, ngunit di ko alam kung ano iyon; iyon ay isang konstelasyon ng pitong Anghel. Maaalala natin iyon. Makukuha n'yo iyon sa tape na may titulong, "Anong Oras na ba, Ginoo?" Buweno ngayon, eksaktong iyon na nga ang inyong nakikita ngayon.

136 Ang pitong Anghel… Nasa Kanluran ako no'n. Naaalala n'yo ang napakaliliit na mga mensahero; nagpunta sila sa silangan. Ang ikalawang mga mensahero, ang mga kalapati (mas malaki-laki nang ibon), nagpunta sila sa silangan. At ngayon, pagtingin ko… Sila ay kasama ko na noon pa man. Iyon ang una at ikalawang hatak. 403 Ngayon, ang ikatlo ay nagmula sa kanluran na lumalapit nang napakabilis, at dinampot nila ako. Iyon ay pabalik sa silangan dala ang hiwaga ng Pitong Tatak, tulad din ng sinabi sa panaginip ni Junior Jackson na ipinahintulot ng Panginoon na ipaliwanag ko para sa kaniya. 404 Sa loob ng pyramid na iyon, mayroong batong puti na hindi pa nasusulatan. Iyon ang dahilan kaya kinailangan kong magtungo sa kanluran upang makakonekta sa mensahe ng mga Anghel na ito upang ako ay

makabalik dito nang sa gayon ito ay maihayag ko sa iglesia. Alalahanin n'yo, ang sabi ko, "Ang mga susunod na bagay na magaganap ay mangyayari dito sa simbahan." Ganung-ganun nga.

137 Isa pang bagay, nais kong pansinin n'yo ang naganap. At kung kayo'y nakikinig sa tape na "Ano'ng Oras Na Ba, Ginoo?" mapapansin n'yo na ang isang Anghel na iyon na kapansin-pansin sa akin. At ang iba pa sa kanila ay tila karaniwan; ngunit ang Anghel na ito ay isang kapansin-pansin na Anghel. Siya ay nasa kaliwa ko sa konstalasyon na nasa anyo ng isang pyramid. At alalahanin n'yo, nasa anyo ng pyramid ang mahiwagang puting bato na hindi nasulatan.

At ang mga Anghel na iyon mismo ang nagpasok sa akin sa pyramid na iyon, ang mga hiwaga ng Diyos na sila lang ang nakaaalam. At ngayon, sila kasama ang mga mensaherong dumating upang magpaliwanag ng pyramid na iyon o ang mensahe ng lihim ng Pitong Tatak na napapaloob sa pyramid.

138 Ngayon, ang Anghel na iyon ay nasa aking kaliwa, sa katunayan ay ang huli, o ang ikapitong Anghel, kung bibilangin natin sila mula sa kaliwa pakanan, sapagkat siya ay nasa aking kaliwa, nakatangin ako sa kaniya sa direksyon ng kanlungan, siya naman na papunta sa silangan ay nasa bandang kaliwa ko, kaya't iyon ang mensahe ng huling anghel: napakakapansin-pansin. Naaalala n'yo kung papaanong sinabi ko na medyo nakatingala siya, at ang tungkol sa kaniyang napakatulis na mga pakpak, at kung papaanong lumipad siya nang direkta sa akin. 408 Ngayon, iyon ang Ikapitong Tatak na ito. Iyon ay isa pa ring kapansinpansin na bagay. At tayo ay… Hindi pa natin alam kung ano iyon, sapagkat hindi pinahintulutan na ito ay mabuksan. 409 Ngunit, napansin ng bawat isa sa inyo na nakadalo sa pagtitipon na naging napakaganda ng pagtitipon. Bawat isa ay tila nakaupo sa gilid ng kanilang mga upuan, at nasa paligid na ang bawat isa ng ala-una at alas dos ng hapon, naghihintay sa pagbubukas ng mga pintuan upang makalapit dito sa unahan, nagsitayo sa mga dingding, nangalay ang mga binti, at lahat na. Ano iyon? Isinusugo ng Espiritu Santo ang mga mensaherong ito, at sila ang nagpapahayag sa atin. At pansinin n'yo kung papaanong dumugtong ito nang eksaktong-eksakto.

139 At upang maipaalam sa inyong lahat na ito ang katotohanan, sanabi na Niya ang tungkol dito mga dalawang buwan na ngayon, o higit pa, bago ito maganap, na nang magpunta ako sa kanluran, di ko alam, nagbalik ako rito taglay ang interpretasyon ayon sa ipinagkaloob Niya sa akin. 411 Ngayon, alalahanin n'yo, sa pangitain, hindi Siya nagsabi sa akin ng isa mang bagay sa pangitain nang ako ay damputin Niya. Natakot ako, nangangambang mamamatay na ako, mapapahamak sa isang pagsabog. Nauunawaan n'yo, hindi nila iyon nagawa. Ang interpretasyon ay dumating ayon sa pangangailangan ko; iyon ay naganap sa silid. At ibinigay ko iyon ayon sa pagkakabigay Niya sa akin. 412 Ngayon, nakikita n'yo, mga kaibigan, hindi nabibigo ang mga pangitain; sakdal ang mga ito sa tuwina; ang mga iyon ay sadyang talagang totoo. Ngayon, ang pangitain, idagdag mo pa ang Salita, idagdag mo pa ang kasaysayan, idagdag mo pa ang mga kapanahunan ng iglesia; at ang lahat ay nagkakatugma-tugma. Kaya't tunay na masasabi ko sa abot ng aking unawa at

ayon sa Salita ng Diyos at sa pangitain at sa kapahayagan, na ang interpretasyon niyon ay ITO ANG SABI NG PANGINOON. 413 Ngayon, pagpalain nawa kayong lahat ng Panginoon nang husto habang tayo ay tatayo na at aawit ng lumang awiting ito ng iglesia. Pagpalain ng Diyos ang bawat isa sa inyo. Amen.

140 Ma… (Pagpalain kayo ng Diyos), Mahal Siya (nang buong puso ko) Sapagka't minahal Niya ako, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.